# "PAGLILITIS"

Dulang Pampelikula

BUOD:

Dalawang taon makalipas makaranas nang abusong sekswal sa kanyang opisina, tutulungan si JONALYN SAMUEL ng isang abogado para kasuhan ang kanyang dating amo sa kumpanya, ang CEO ng tinaguriang pambasang gatas, ang Mother's Pride Milk. Tatanggi pa sa una si Jonalyn dahil sa sinapit na pagkakatanggal sa kanya sa trabaho noong sinubukan niyang kasuhan ang kanyang boss, pero dahil sa pagbabago ng panahon lalo na sa social media ay magkakaroon siya ng pag-asang makamit ang hustiusya mula sa mapang-abusong negosyante.

Dahil sa social media, sumabog ang isyu ni Jonalyn at inudyok ang mga tao na i-boycott ang Mother's Pride Milk. Lubos naman itong kinababahala ng may-ari ng kumpanya na si EDUARDO GUZMAN. Ang kanyang mapagmahal na asawang si CYNTHIA ay wagas ang pag-aalala sa kanyang asawa dahil masisira ng kasong ito ang reputasyon na inalagaan ng kanyang asawa. Dahil sa malakas na presensya ng social media kinailangan harapin ni Eduardo ang kaso, pero matapos ang unang negosasyon inatake siya sa puso at namatay.

Ipinagluksa't iginunita ng buong bansa ang kontribusyon ni Eduardo sa bayan at ang pagiging mabuting ama at asawa. Hindi naman inaasahan ni Jonalyn na bumaliktad ang persepsyon ng mga tao sa kanya. Kung sa una'y siya ang biktima, sa isang iglap siya na ang inaakushang pumatay sa isang sinasabing ehemplo ng mabuting Pilipino. Sa pangalawang pagkakataon makakaranas ng abuso si Jonalyn sa kamay ng taong inakala niya'y magbibigay ng magandang kinabukasan sa kanyang pamilya.

**FADE IN:**

1 INT. MOTHER'S PRIDE MILK CORPORATE OFFICE, CEO OFFICE, 1
RECEIVING AREA - DAY.

Fully-made up at plantsado ang buhok ni JONALYN SAMUEL (24), a perfect representation of the company kumbaga. Nakatutok siya sa 18-inch desktop monitor kung saan pinapanood niya ang isang video footage ng kanyang boss na si EDUARDO GUZMAN (67) sa isang GRADUATION COMMENCEMENT CEREMONY ng isang kolehiyo.

Ang video ay recorded feed mula sa kolehiyo kaya may TEXT GRAPHICS sa bottom screen : EDUARDO GUZMAN, CHAIRMAN & CEO MOTHER'S PRIDE MILK.

Si Jonalyn ang second executive secretary ni Eduardo, at sa tapat ng mesa niya ang first executive secretary na si LINDA MERCADO (50). Parehong business attire ang kasuotan nila, pero si Jonalyn ay naka-blazer at skirt, habang si Linda ay naka-blazer at slacks.

Maliban sa kanilang dalawa ay may dalawang middle-aged MALE EXECUTIVE na naka-business attire na naghihintay sa may sofa na malapit sa kanila. May isang airpod si Jonalyn sa kanyang kanang tenga kung saan pinakikinggan niya ang speech ni Eduardo. Tina-transcribe ni Jonalyn sa kanyang laptop ang pinapanood na video.

MALE EXECUTIVE 1
'Tangina pare iba talaga 'yung libido ni Mr. Santos, walang awat sa pagpili ng chicks kagabi.

EDUARDO (ON VIDEO)
I still recall the beginnings of our company, when as a twenty-something new father, my wife Cynthia was struggling to feed our new born son, Matthew, since she was having a hard time to provide milk for him.

MALE EXECUTIVE 2
(laughs)
Sa'n mo ba siya dinala?

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
During that time formula milk was expensive and not affordable to low-income families like my own, and I had to take two jobs to provide the best care for my son and help out my wife.

MALE EXECUTIVE 1
Sa Sexy Kitten.

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
I was fortunate to have been given a chance to earn a decent living to buy expensive milk for my child,

MALE EXECUTIVE 2
Uy! Panalo do'n!

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
...but what about the other fathers whose wife also has a hard time feeding their children.

MALE EXECUTIVE 1
May mga bagong babae, p're. Tuwang-tuwa nga 'yung matanda, eh lahat 'yun puwede na niyang apo.
(MALE EXECUTIVE 2 laughs)
Sa tuhod.

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
It was during this time that my idea for Mother's Pride Milk came about. I wanted high-quality formula milk to be affordable to the masses, and it is because of this simple reason we have grown into the biggest infant milk company in the country. (applause from the crowd)

Mas lalakas ang tawa ni MALE EXECUTIVE 2 at makikihalakhak din si MALE EXECUTIVE 1. Nakatutok naman sa kani-kanilang trabaho sina Jonalyn at Linda, kunyari walang nadidinig.

MALE EXECUTIVE 2
Kumuha ka rin ba para sa 'yo?

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
But the success of our company lies from its' name itself, the mothers.

MALE EXECUTIVE 1
Oo naman, ano ako maghihintay lang sa lobby habang dala-dalawa kinuha ng kliyente ko?

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
We have always listened to the Filipino mothers' needs...

MALE EXECUTIVE 2
Sino kinuha mo?

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
...to provide healthy nourishment to their children.

MALE EXECUTIVE 1
Bago, Charlemagne pangalan.

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
It is our company's pride that in our more than 30 years in the industry...

MALE EXECUTIVE 2
(laughs)
'Tanginang pangalan 'yan. Exotic ba?

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
...we have provided aid to thousands of mothers

MALE EXECUTIVE 1
Hindi, p're. Actually, hawig ni Jonalyn.

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
...weaning and raising healthy Filipino children...

Titigil si Jonalyn sa pagta-type nang madinig niya ang pangalan.

Mararamdaman malisyoso siyang tinitingnan ng dalawang MALE EXECUTIVE. Mas lalakasan na lang niya volume ng kanyang pinanood na video.

MALE EXECUTIVE 2
(laughs)
Hindi kaya siya 'yun?

MALE EXECUTIVE 1
(laughs and stares at Jonalyn)
Baka nga, teka tatanungin ko p're.

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
And we will continue on with this dream as our way...

EDUARDO (ON VIDEO) (CONT'D)
to give respect and honor to the beloved mothers of our country.
(applause from the crowd)

Mas lalakasan pa ni Jonalyn ang volume ng video, habang pabirong tatayo si MALE EXECUTIVE 1 na pinipigilan ni MALE EXECUTIVE 2. Parang mga batang naghaharutan ang middle-aged executives.

Biglang bubukas ang pinto ng opisina ni Eduardo at umiiyak palabas ang isang BABAENG EXECUTIVE. Matitigilan ang lahat sa kanilang nakita.

EDUARDO (O.S.) (CONT'D)
Ayusin mo 'yan!

BABAENG EXECUTIVE
Yes, Sir.

Magmamadaling lalabas ang BABAENG EXECUTIVE. Tatahimik at seseryoso na ang dalawang MALE EXECUTIVE, kabado dahil halatang mainit ang ulo ng boss nila.

Tatayo si Linda bitbit ang tablet nito, maglalakad siya papunta sa opisina ni Eduardo.

EDUARDO (O.S.)
Mamaya na, Linda, tawagin mo si Jonalyn.

Mapapatingin si Jonalyn sa opisina nang madinig niya ang kanyang pangalan. Titigil si Linda at magalang na tatango kay Eduardo, sabay tingin kay Jonalyn. Batid sa mukha ni Linda ang pag-aalala.

Kakabahan si Jonalyn, pero tatayo pa rin siya at kukunin ang tablet nito. Maglalakad siya papuntang opisina ni Eduardo.

EDUARDO (O.S.) (CONT'D)
Close the door.

Kabadong papasok at isasarado ni Jonalyn ang pinto.

CUT TO:

2 INT. MOTHER'S PRIDE MILK CORPORATE OFFICE, CEO OFFICE - DAY. 2

Sa pagsarado ni Jonalyn ng pinto ay makikita niya si Eduardo na tintinggal ang kanyang suot na coat, ang kanyang necktie, at ina-untuck ang polo. Namumula pa sa inis si Eduardo.

EDUARDO
Hindi ko mainitindihan kung bakit hindi maayos-ayos ang operations sa Sta. Rosa plant.

Nagsasalita si Eduardo pero alam ni Jonalyn na sarili lang nito ang kinakausap niya, pero tatango pa rin siya.

EDUARDO (CONT'D)
(sighs)
Mag-set ka ng meeting kay Ramon...

Magno-notes si Jonalyn sa kanyang tablet.

EDUARDO (CONT'D)
Kailangan may maglinis ng gulo sa plantang 'yun.

JONALYN
Sasabihin ko po kay Ma'am Linda.

Akmang lalabas na dapat si Jonalyn na parang may tinatakasan.

EDUARDO
Mamaya na. Masahihin mo muna ko.

Matitigilan si Jonalyn, pero tila alam naman niyang ito ang dahilan kaya siya pinatawag.

Mauupo si Eduardo.

EDUARDO (CONT'D)
Take off your jacket, para hindi ka mahirapan gumalaw-galaw.

Naiilang na tatango si Jonalyn pero susunod pa rin siya. Huhubarin niya ang blazer at saka lang nating makikita na naka-spaghetti strap na blouse si Jonalyn.

Lalapit si Jonalyn sa may upuan ni Eduardo.

EDUARDO (CONT'D)
Dito sa likod.

Mamasahehin ni Jonalyn ang likod ni Eduardo.

EDUARDO (CONT'D)
Bakit ba tumiming pa 'tong problema sa planta kung kailan malapit na stockholders' meeting. Magkakaroon na naman ng unnecessary panic nito.
(mapapaungol)

Matitigilan si Jonalyn.

JONALYN
Sorry, sir...

EDUARDO
Hindi, hindi. Okay siya. Pero ibaba mo pa.

Panandaliang matitigilan si Jonalyn, pero susunod pa rin siya at magmamasahe sa may bandang baywang ni Eduardo.

EDUARDO (CONT'D)
Baba pa.

Titigil si Jonalyn. Ibababa niya nang bahagya ang kamay sa may edge na ng pantalon ni Eduardo at dito magmamasahe.

EDUARDO (CONT'D)
Hindi diyan, baba pa.
(annoyed)
Teka nga.

Tatayo si Eduardo at huhubarin ang pantalon. Iiwas ng tingin si Jonalyn. Muling mauupo si Eduardo na parang normal lang lahat.

EDUARDO (CONT'D)
Ayan, para 'di ka na mahirapan.

Mamasahehin ni Jonalyn ang likuran ni Eduardo.

EDUARDO (CONT'D)
(annoyed)
Baba pa.

Nasa may bandang puwetan ni Eduardo ang hawak ni Jonalyn.

EDUARDO (CONT'D)
Diyan.

Mapapapikit na lang si Jonalyn pero itutuloy niya ang pagmamasahe.

CUT TO:

3 INT. SAMUELS' HOUSE (LILIW, LAGUNA), JONALYN'S ROOM - NIGHT, 27 3
MONTHS LATER.

Tanging ilaw lang na nanggagaling sa laptop ang nagsisilbing liwanag sa kuwarto. Nakasuot ng airpods si Jonalyn na may kausap sa laptop, pero sa pagkakataong ito naka-pusod lang ang kanyang buhok at may suot na blazer. Ang kanyang pang-ibabang kasuotan ay pajama at tsinelas. Ibang-iba na siya sa kanyang itsura noon.

JONALYN
I have already booked your trip going to China on the fifth. You'll be on the 10AM flight and will arrive in Beijing at 840AM. I also have arranged your airport transfer and you will be fetched by Beijing's Best Tours and Services, a chauffeur with a sign will meet you at the arrival area, but I'll still send you the driver's details when I received it from their service.

AMERICAN ONLINE CLIENT (ON VIDEO)
Got it, can I also ask you a favor, I mean this is a personal thing but-

JONALYN
What is it, Sir?

AMERICAN ONLINE CLIENT (ON VIDEO)
My wife's been bugging me for a vacation, I was wondering if you can give me some recommendations, somewhere around in Mexico.

JONALYN
Did Mrs. Jones say what she wants to do on your vacation?

AMERICAN ONLINE CLIENT (ON VIDEO)
She said she wants to go parasailing or those type of shit. I don't know any of those crap, really, so I need some S.O.S. with this.

JONALYN
No worries, Sir, I'll get back to you with some recommendations tomorrow, Sir.

Magsusulat si Jonalyn sa kanyang notebook.

AMERICAN ONLINE CLIENT (ON VIDEO)
Great! That'll be a load off my chest.

JONALYN
Is there anything I can still help you with, Sir?

AMERICAN ONLINE CLIENT (ON VIDEO)
Nope, everything's great right now.

JONALYN
All right, Sir, thank you. See you tomorrow.

AMERICAN ONLINE CLIENT (ON VIDEO)
See you.

Ie-end ni Jonalyn ang meeting niya sa AMERICAN ONLINE CLIENT at magki-click ng isa pang link kung saan may isa pa siyang kliyente na naghihintay.

JONALYN
Good morning, Mr. Roberts, how's your day been going?

CUT TO:

4 INT. SAMUELS' HOUSE, JONALYN'S ROOM - DAY. 4

Mahimbing ang tulog ni Jonalyn. Madilim pa rin ang kapaligiran dahil sa blackout curtains pero makikita sa siwang ng kurtina ang liwanag sa labas ng bintana.

Tutunog ang cellphone alarm ni Jonalyn na agad din niyang papatayin. Hindi pa siya lubos na gising ay bubukas na agad ang pinto at sisilip ang kanyang ama na si JOSE (62). Nakangiti siyang babati sa kanyang anak.

JOSE
Gising ka na, anak?

Iika-ika si Jose maglakad at may slur sa pananalita dahil nagka-stroke. Pupungas-pungas mauupo si Jonalyn at titingin kay Jose.

JONALYN
Kakagising lang, bakit po?

JOSE
(upbeat)
May naghahanap kasi sa ‘yo. Abogado.

Magtataka si Jonalyn.

CUT TO:

5 INT. SAMUELS' HOUSE, SALA - DAY. 5

Lalabas si Jonalyn ng kuwarto matapos niyang mag-ayos para humarap sa bisita. Makikita niya si Jose at ang kanyang ina na si MYRNA (60) na may kasamang tatlong naka-business attire. Ang isang babae at isang lalaki, ay may hawak na mga laptop bag. Ang katabi nina Myrna at Jose ay posturang-postura na naka-blazer, blouse and matching pants, halatang siya ang boss sa tatlo.

Mapapansin ni Jonalyn na nagpupunas ng pawis at init na init ang dalawang nakababatang business attire, pero ang boss nila parang hindi tinatamaan ng init.

Titingin kay Jonalyn ang lahat.

MYRNA
Attorney, ito na po anak naming si Jonalyn.

Sabik na tatayo si Myrna at hihilahin si Jonalyn papunta sa posturang babae. Nakangiting tatayo ang posturang babae na magpapakilalang si ATTY. ARDENIA.

ATTY. ARDENIA
Good afternoon, I’m Attorney Sylvia Ardenia, and these are my associates.

Kakamayan ni Jonalyn si Atty. Ardenia.

FEMALE LAW ASSOCIATE
Good afternoon po.

MALE LAW ASSOCIATE
Good afternoon po.

Kakamayan din ni Jonalyn ang dalawa. Nagtataka si Jonalyn sa nangyayari.

JONALYN
Sorry, may problema po ba?

MYRNA
(sabik)
Wala anak.

Hindi pa rin maintindihan ni Jonalyn ang nangyayari at mapapansin ito ni Atty. Ardenia.

ATTY. ARDENIA
I know you're a bit confused pero let me just introduce myself a bit. I'm a lawyer na may advocacy in providing legal advice to Filipinos---

MYRNA
Nasa internet siya, 'nak, ito o.

Papakita ni Myrna mula sa phone niya ang video ni Atty. Ardenia sa TikTok kung saan nagbibigay siya ng legal advice.

ATTY. ARDENIA
(laughs)
Nakakahiya pero I know that social media is the best way to reach a lot of people at ma-inform sila of their rights.

JONALYN
(still confused)
Wala naman po kaming ifa-file na kaso, Attorney.

MYRNA
'Yung sa boss mo, 'nak. Si Attorney ang tutulong sa atin.

Matitigilan si Jonalyn sa sinabi ng ina at mapapatayo.

JONALYN
Hindi na po kailangan, okay na po ako. Pasensya na sa pagpunta pero---

ATTY. ARDENIA
Please just hear me out.

Lalayo si Jonalyn kay Atty. Ardenia na parang takot na bata. Hahawakan ni Myrna ang kamay ni Jonalyn.

MYRNA
Anak, magkakahustisya na tayo sa ginawa ng boss mo sa 'yo.

ATTY. ARDENIA
My associate here (points to MALE LAW ASSOCIATE) has a cousin na nagtatrabaho sa Mother's Pride at nakuwento niya ang ginawang injustice ni Mr. Eduardo Guzman sa 'yo.

JONALYN
Please po, gusto ko na po kalimutan 'yun.

ATTY. ARDENIA
I know you do, pero Mr. Guzman needs to be accountable of the trauma and suffering na ginawa niya sa 'yo.

JONALYN
Sinubukan ko naman, Ma'am, magfa-file na nga ako dapat ng sexual harassment case laban sa kanya.

ATTY. ARDENIA
And that's why you were let go by the company? Sinabi nila na redundant na role mo.

Tatango si Jonalyn.

JONALYN
Nahirapan pa ko maghanap ng trabaho dahil pinalalabas nilang pasaway akong empleyado. Naubos ipon ko dahil pinahirapan nila ako.

ATTY. ARDENIA
And that's why they should be accountable with what they did to you.

JONALYN
Ang hirap kalaban ng mga 'yan, ma'am.

ATTY. ARDENIA
Iba na panahon ngayon, people are more vocal with this type of issue, and no one has the monopoly on voicing out their opinons na. Lalo na when it comes to sexual harassment.

Magtataka si Jonalyn.

JONALYN
Ba’t niyo po ko gustong tulungan?

ATTY. ARDENIA
Because I know what you went through. Isa rin akong biktima ng sexual harassment when I was young. Kaya napagdaan ko rin ang trauma at takot na nararanasan mo ngayon, and believe me finding justice is the best way to move on from this nightmare.

Mapapaisip si Jonalyn.

JONALYN
Iba na lang po tulungan niyo. Pasensya na.

Magmamadaling papasok si Jonalyn sa kuwarto niya.

CUT TO:

6 EXT. SAMUELS’ HOUSE - DAY. 6

Hindi hihigit sa 40sqm ang tahanan. Gawa sa hollowblocks na walang pintura, nangangalawang na ang bubong, sira-sira ang alulod.

Mauunang lumabas ang dalawang associate ni Atty. Ardenia. Hiyang-hiya na hinahatid palabas nina Myrna at Jose si Atty. Ardenia.

ATTY. ARDENIA
Hindi niyo po kailangan mag-sorry sa ‘kin, Aling Myrna, si Mr. Guzman ang may kasalanan nito.

JOSE
Gago naman kasi talaga ‘yung demonyo na ‘yun. Kung bata-bata lang ako e tinaga ko na---

Hahawakan ni Myrna ang balikat ni Jose.

MYRNA
Tama na.
(kay ATTY. ARDENIA)
Pasensya na ho talaga kung nagsayang pa kayo ng oras bumiyahe sa amin.

ATTY. ARDENIA
Wala hong problema ‘yun, ang akin lang po is baka makumbinse niyo pa po ang anak niyo na mag-file ng case.

MYRNA
Napagod ho kasi talaga si Jonalyn sa nangyari sa kanya.

ATTY. ARDENIA
Huwag po kayo mag-alala dahil ‘pag hinawakan ko ‘tong kasong ‘to e matatapos siya agad. Hindi pa nga siya aabot sa korte. Lahat ng mga hinandle kong sexual harassment cases ay nag-settle out of court. Binayaran na agad ang mga biktima at nag-issue ng public apology. Kaya sana talaga mapapayag niyo ang anak niyo po.

MYRNA
Kakausapin ko ho uli siya.

ATTY. ARDENIA
Sige po, pero sana pumayag na siya dahil three years lang ang pinapayagan ng korte na mag-file tayo ng kaso. Malapit na po yun. ‘Pag hindi pa natin magagawa ‘to ngayon e mawawala na po ang chance niya makakuha ng hustisya.

Tatango si Myrna.

CUT TO:

7 INT. SAMUELS' HOUSE - THAT NIGHT. 7

Sabik na papasok si JASMINE (18) na nakaunipormeng pang-eskwela at may bitbit na mga folder ng iba’t ibang kolehiyo na aaplayan niya. Madadatanan niyang mag-isang kumakain ng hapunan si Jose.

JASMINE
Si Ate po?

JOSE
Nasa kuwarto. Kausap Mama mo.

Magtataka si Jasmine. Magmamano siya kay Jose.

JOSE (CONT'D)
Kumain ka na.

JASMINE
Sige po, Pa, bihis lang po ako.

Papasok si Jasmine sa katabing pinto ng kuwarto ni Jonalyn.

CUT TO:

8 INT. SAMUELS' HOUSE, JASMINE'S ROOM - NIGHT. 8

Agad na ibababa ni Jasmine ang bitbit na mga gamit at ididikit ang tenga sa dingding para madinig ang usapan nina Myrna at Jonalyn.

CUT TO:

9 INT. SAMUELS' HOUSE, JONALYN'S ROOM - NIGHT. 9

Visibly upset si Jonalyn na nakatayo at malayo sa kinauupuan ni Myrna.

JONALYN
Ma naman, ayoko ng balikan 'yang issue na 'yan. Inaabot ng taon mga kaso dito, sasayangin lang niyan oras ko imbes na makapagtrabaho ako.

MYRNA
Hindi anak, nakita ko sa Facebook na magaling talaga si Attorney.

Lalapit si Myrna kay Jonalyn at muling papakita ang video mula sa cellphone niya.

MYRNA (CONT'D)
Ito 'nak, tingnan mo, nagbayad ng limang milyon 'yung negosyante do'n sa kliyente ni Attorney, tapos nag-sorry pa sa pamilya ng naagrabyado.

Hindi titingnan ni Jonalyn ang pinapakita ni Myrna at lalayo na lang sa ina. Mauupo si Jonalyn sa kanyang kama, pero tatabihan pa rin siya ni Myrna.

MYRNA (CONT'D)
'Nak tingnan mo. Basahin mo. Halos pareho kayo ng sitwasyon no'ng tinulungan ni Attorney.
(MORE)

MYRNA (CONT'D)
Binastos din siya ng amo niya. Tingnan mo 'nak.

Habang nagsasalita si Myrna ay nakatitig lang si Jonalyn sa kanyang ina na halatang sabik na sabik sa binabahagi sa kanya.

May maaalala siya.

CUT TO:

10 INT. SAMUELS' HOUSE, JONALYN'S ROOM - NIGHT, 2 YEARS AGO. 10

Umiiyak si Jonalyn sa harap ni Myrna.

JONALYN
Sobra na kasi ako nababastos, Ma.

MYRNA
Alam ko anak, alam kong nahihirapan ka na. Pero may-ari ng kumpanya ang kakalabanin mo.

Tutungo si Jonalyn.

MYRNA (CONT'D)
Ganyan lang naman talaga mga lalaki, huwag mo na lang sila pansinin. Mananawa rin sila sa ginagawa nila. Basta galingan mo na lang sa trabaho.

JONALYN
Nakakapagod na kasi talaga, Ma.

Hahawakan ni Myrna ang kamay ni Jonalyn.

MYRNA
Alam ko, alam ko, anak. Pero hindi natin kayang mawalan ka ng trabaho. Ang laking tulong ng health card mo sa Papa mo. Kung hindi dahil diyan sa natin pupulutin ang pagpapagamot niya? Hindi naman tayo puwedeng umasa sa Kuya Jovit mo dahil may sarili siyang pamilya. Kung ako lang nakapagtapos e malamang ako na aako ng gastusin dito, pero wala anak e. Ikaw lang talaga pinalad sa pamilya natin. Kaya sana tiisin mo muna.
(MORE)

MYRNA (CONT'D)
May kanya-kanya tayong obligasyon sa pamilya. Kailangan nating tulungan ang Papa mo dahil hindi na niya kayang gawin ang obligasyon niya.

Nilalabanan ni Jonalyn ang kanyang pag-iyak lalo pa't alam niyang hindi naman siya dinadamayan ni Myrna.

CUT TO:

11 INT. SAMUELS' HOUSE, JONALYN'S ROOM - NIGHT, PRESENT TIME. 11

Nakatitig lang si Jonalyn kay Myrna habang pinapakinggan ang sinasabi ng ina. Parehong problema, ibang sitwasyon.

MYRNA
Anak, makukuha mo na hustisyang hinahanap mo. Sisiguraduhin daw ni Attorney na magso-sorry ang boss mo sa ginawa niya. Hindi siya titigil hanggang akuuin niya ang ginawa niyang kasalanan sa 'yo.

JONALYN
Tsaka 'yung pera...

MYRNA
'Yun nga, anak! Isipin mo kung ga'no kalaking tulong no'n sa 'tin. Sa Papa mo, lalo na kay Jasmine. Mapapa-aral mo siya sa kahit anong kolehiyo. Puwede ka na maghinay-hinay sa pagtatrabaho. 'Yun naman gusto mo 'nak 'di ba?

Nakatitig lang si Jonalyn sa ina.

JONALYN
May kanya-kanya tayong obligasyon sa pamilya.

MYRNA
Oo anak, isipin mo 'pag tinupad ni Attorney pangako niya, makakapahinga ka na.
(titingnan si JONALYN)
Ano, anak? Pumapayag ka ba?

Iiwas ng tingin si Jonalyn sa ina at pilit na tatango.

Lubos namang matutuwa si Myrna sa pagpayag ni Jonalyn at sa galak ay mayayakap niya ang anak. Wala namang reaksyon si Jonalyn sa pagyakap sa kanya ng ina.

Agad ding bibitiw si Myrna kay Jonalyn at sabik na tatayo.

MYRNA (CONT'D)
Ite-text ko na si Attorney. Sandali lang, 'nak.

Nagmamadaling lalabas si Myrna at maiiwan si Jonalyn na tuliro. Hindi alam kung tama ba o mali ang kanyang naging desisyon.

CUT TO:

12 EXT. KALYE / SARI-SARI STORE - NIGHT, LATER. 12

Bumibili ng isang kaha na sigarilyo si Jonalyn.

CUT TO:

13 EXT. KALYE - NIGHT, LATER. 13

Sisindihan ni Jonalyn ang sigarilyo. Sa unang hithit ay uubo pa siya, halatang hindi na sanay. Pero itutuloy pa rin niya ang paghithit habang nag-iisip at pinoproseso ang kanyang pagpayag sa gusto ni Myrna.

JASMINE (O.S.)
Ate?

Mabibigla si Jonalyn madinig ang boses ni Jasmine at dali-daling itatapon ang sigarilyo.

JONALYN
Anong ginagawa mo dito?

JASMINE
Ba't nagyoyosi ka na naman?

JONALYN
Wala, wala. (nahihiya) Halika na umuwi na tayo.

Kukunin ni Jonalyn ang kamay ni Jasmine at maglalakad sila pauwi.

JASMINE
Ano ba ginawa sa 'yo ng boss mo, Ate?

Matitigilan at iiwas ng tingin si Jonalyn kay Jasmine na parang nahihiya.

JONALYN
Hinarass ako ng boss ko sa Mother's Pride---

JASMINE
Ni-rape ka niya, Ate?

JONALYN
Hindi, pero gano'n na rin feeling dahil sa mga kabastusang ginawa niya.

JASMINE
Pero lalabanan mo na uli sila, Ate? Dahil may tutulong na sa 'yong abogado?

JONALYN
Parang gano'n na nga---

JASMINE
Tama 'yan, Ate, titigil lang ang mga ganyang demonyo kung may lalaban sa kanila. Tsaka iba na ngayon 'Te. Kapag sumabog 'tong issue na 'to siguradong ika-cancel nila 'yang hayop na 'yan. Boboycottin pa nila 'yang Mother's Pride. At una na ko sa magbo-boycott diyan.

JONALYN
Huwag ka ng makisali sa gulo, Jasmine.

JASMINE
Pero Ate, deserve nilang masira. Isipin mo nagbebenta sila ng gatas para sa mga nanay pero sila pala diyang bastos sa mga babae.

JONALYN
Kaya nga ako natatakot sa kasong 'to, kasi kilala kita e.

JASMINE
O sige na 'Te, promise hindi na ko makikigulo. Basta huwag kang matatakot na mag-isa ka. Maniwala ka sa 'kin, maraming kang kakampi dito.

Kahit papaano makakampante si Jonalyn sa desisyon niya dahil sa mga sinabi ni Jasmine.

CUT TO:

14 INT. ARDENIA-CORTEZ-LIM LAW FIRM, CONFERENCE ROOM - DAY, DAYS LATER. 14

Nakasuot ng simpleng t-shirt at maong si Jonalyn. Naka-upo siya sa may kabisera kung saan kaharap niya sina Atty. Ardenia pati na rin ang dalawang associates na kasama niya noon sa bahay nila. May ilan pang mga abogadong kasama sila dito.

May nakatutok na DSLR camera sa harap ni Jonalyn na ire-record ang sasabihin niya.

ATTY. ARDENIA
Huwag ka ma-overwhelm sa ‘min or sa camera. Lahat kami dito kakampi mo at gusto lang namin madinig ang lahat ng naaalala mong ginawa sa ‘yo ni Mr. Eduardo Guzman na pakiramdam mo ay na-violate ka.

Kabadong tatango si Jonalyn.

JONALYN
Bago ko simulan, gusto ko pangako niyo na hindi madadamay ang pamilya ko sa issue na ‘to. Lalo na ‘yung bunso kong kapatid.

ATTY. ARDENIA
We’ll guarantee your family’s safety.

Hihinga nang malalim si Jonalyn at tatango. Titingin si Atty. Ardenia sa isa sa mga abogadong kasama nila na siya namang pipindutin ang record button ng DSLR camera.

ATTY. ARDENIA (CONT’D)
Pakisabi nga ang buong pangalan mo.

JONALYN
Ako po si Jonalyn Samuel.

ATTY. ARDENIA
Pakisabi sa amin kung anong koneksyon mo kay Mr. Eduardo Guzman.

JONALYN
Nagtrabaho po ako sa kanya bilang second executive secretary.

ATTY. ARDENIA
Para sa Mother’s Pride Milk?

JONALYN
Opo.

ATTY. ARDENIA
Gaano ka katagal nagtrabaho sa kanya?

JONALYN
Halos tatlong taon din po.

ATTY. ARDENIA
Ano ang job description mo bilang second executive assistant?

JONALYN
Sumusuporta po ako sa first executive assistant. Ako ‘yung gofer po nila. ‘Yung naghahanda ng kape, pagkain, sinisigurado ko po rin na maayos at nakahanda na ang mga gamit at kakailanganging daily requirements ni Mr. Guzman. Minsan din po naga-assist ako sa mga trabaho ng first executive assistant sa workload niya.

ATTY. ARDENIA
Ano mga example ng araw-araw na ginagawa mo bilang second executive assistant niya?

JONALYN
Nagtitimpla po ng kape, hinahanda ko po ‘yung pagkain niya pati ng mga bisita niya sa mga meetings. Minsan pati personal errands niya tulad ng pag-pick up ng groceries sa bahay nila, pati pagbibili ng regalo sa pamilya niya.

ATTY. ARDENIA
Ibig sabihin, parati kang kasama ni Mr. Guzman sa opisina?

JONALYN
Opo.

ATTY. ARDENIA
May mga pagkakataon bang kayong dalawa lang ni Mr. Guzman ang magkasama sa opisina niya?

JONALYN
Madalas po.

ATTY. ARDENIA
At may pagkakataon bang naramdaman mong na-violate or nabastos ka ni Mr. Guzman?

Titigil si Jonalyn at nahihiyang tatango.

ATTY. ARDENIA (CONT'D)
I need a verbal answer, Jonalyn.

JONALYN
(nangangatal ang boses)
Opo.

ATTY. ARDENIA
Puwede mo ba ibahagi sa amin kung paano?

Titigil si Jonalyn at iinom ng tubig.

JONALYN
No'ng una mga simpleng biro lang ang ginagawa niya.

ATTY. ARDENIA
Tulad ng?

JONALYN
Ang ganda ko. Mabango 'yung gamit kong cologne.

INTERCUTTING WITH:

15 INT. MOTHER'S PRIDE MILK CORPORATE OFFICE - DAY/NIGHT. 15

SERIES OF SHOTS

- CONFERENCE ROOM : Makikita si Jonalyn na nagaabot ng pagkain sa mga executive na hinahaplos-haplos siya sabay tawa.

Si Eduardo ang huling hahatiran niya ng pagkain, at pagkalatag niya ng plato ay papaluin siya sa puwet nito bago umalis.

JONALYN (V.O.)
Nawi-witness ng ibang mga boss ‘yun kaya hindi na rin sila nahihiya mag-comment sa akin. Madalas pa hinahawakan nila ako inappropriately.

- CEO OFFICE, RECEIVING AREA : Mina-massage ni Eduardo si Jonalyn sa may area niya. Tinatanggal pa ni Eduardo ang jacket ni Jonalyn habang minamasahe siya. Halatang naiilang si Jonalyn pero hindi umiimik.

JONALYN (V.O.)
Minsan pagnatutuwa siya sa ‘kin sinasabi niya premyo ko ang pagmasahe niya.

ATTY. ARDENIA (V.O.)
Pinahinto mo ba siyang gawin ‘to?

JONALYN (V.O.)
Lagi po akong tumatanggi pero siya nagpipilit sinasabi niya gusto lang niya tanggalin stress ko.

ATTY. ARDENIA
May pagkakataon bang you felt threatened or scared for your own safety?

JONALYN
Opo. No’ng bago po ako matanggal, may time na kailangan niya magpagawa ng suit para sa isang event. Dahil rush ako ‘yung pinakuha ng tailor no’ng measurements niya.

- CEO OFFICE : Naka-polo pero walang suot na pantalon si Eduardo na nakasuot ng boxers, habang sinusukatan siya ni Jonalyn. Sinusukatan ni Jonalyn si Eduardo sa may baywang niya pero sumsensyas si Eduardo na sukatan siya sa may crotch area. Ilang na ilang si Jonalyn pero hihilahin siya ni Eduardo para sukatan ang kanyang crotch area.

JONALYN (V.O.)
No’ng nakuha ko na lahat ng measurments na hinihingi sa ‘kin, sinabi niya sukatan ko siya sa may bandang ari niya kasi madalas daw masikip ‘yung tahi doon ng tailor niya.
(MORE)

JONALYN (V.O.) (CONT'D)
Sabi ko wala naman sa directions ‘yun pero nagpilit siya tapos hinatak niya kamay ko para sukatan ‘yung crotch area niya.

ATTY. ARDENIA (V.O.)
What do you mean specifically when you say crotch area ni Mr. Guzman?

JONALYN (V.O.)
Sa mismong ari po niya.

END OF SERIES OF SHOTS

Nanginginig na si Jonalyn at muling iinom ng tubig.

JONALYN
Puwedeng sandali lang.

Sesenyas si Atty. Ardenia na itigil ang pagre-record. Lalapit siya kay Jonalyn.

ATTY. ARDENIA
Take your time, I know this is hard for you pero you’re doing great.

Hahawakan assuringly ni Atty. Ardenia ang kamay ni Jonalyn. Mapapatingin sa kanya si Jonalyn at pilit na ngingiti.

CUT TO:

16 INT. GUZMANS’ RESIDENCE (METRO MANILA), DINING AREA - DAY, DAYS 16
LATER.

Mala-palayso ang laki ng bahay at halatang top of the line ang appliance at furniture. Nasa kabisera si EDUARDO, nakaupo at tinitingnan ang kanyang cellphone, habang ang kanyang asawa na si CYNTHIA (68) ay abala sa paghahanda ng mga gamot ng kanyang asawa. Inaalalayan siya ng isang KASAMBAHAY na nakauniporme.

Mapapangiti si Eduardo sa kanyang nakita sa cellphone. Mapapansin ito ni Cynthia.

CYNTHIA
Bakit?

EDUARDO
Nag-send ng video sa ‘kin si Isabel. ‘Yung dance video ng class niya.

CYNTHIA
Ah oo, sinend na sa ‘kin ni Matthew ‘yan.

EDUARDO
(laughs)
Parang ako lang sumayaw no’ng kabataan ko e.

CYNTHIA
Mas magaling naman apo ko sa ‘yo.

Eduardo laughs.

EDUARDO
Oo naman, pero alam na natin kung sa’n niya namana talent niya.

CYNTHIA
Oo na, oo na.

Iniaabot na ni Cynthia ang gamot kay Eduardo.

CYNTHIA (CONT’D)
E ‘yung kay Gavin na video nakita mo?

EDUARDO
Meron siya?

CYNTHIA
Oo, sumasayaw din. Sinend niya sa ‘kin pero naka-post na sa TikTok account niya.

Iinumin na ni Eduardo ang gamot.

EDUARDO
Wala naman kasi ako ng app na ‘yan.

CYNTHIA
Woo-shoo, favoritism ka lang kasi.

EDUARDO
Uy, wala ah. I-download mo nga ko niyang TikTak na ‘yan para makita ko na rin.

Inaabot ni Eduardo kay Cynthia ang cellphone niya.

CYNTHIA
TikTok.

EDUARDO
O tingnan mo, pangalan nga ‘di ko pa matama.

Pero bago kunin ni Cynthia ang cellphone ay magva-vibreate ito. Makikita ni Cynthia ang nasa caller ID: BERNIE CHAVEZ CALLING.

CYNTHIA
Si Bernie.

EDUARDO
Ayan, sakto tumatawag abogado ko para i-defend ako sa erroneous claims mo.

Tatawa-tawa pa si Eduardo habang sinasagot ang tawag.

EDUARDO (CONT’D)
Hello, Bernie...

Mapapansin ni Cynthia ang unti-unting pagkawala ng ngiti sa mukha ni Eduardo at ang pagkunot ng noo nito. Inis na tatayo si Eduardo sa mesa.

EDUARDO (CONT’D)
Sino ‘yang tarantadong ‘yan?

Maglalakad paalis si Eduardo ng mesa at mababahal si Cynthia sa pagbago ng mood ng asawa.

CUT TO:

17 INT. GUZMAN’S RESIDENCE, PRIVATE OFFICE - DAY, LATER. 17

Nakaupo si Cynthia sa may isang sulok kung saan pinapanood niya si Eduardo kasama ang kanilang abogado and family friend na si ATTY. CHAVEZ (68).

EDUARDO
Jonalyn Samuel is just a bitter employee dahil natanggal siya sa kumpanya.

ATTY. CHAVEZ
That’s exactly what we’re trying to do, but I have to ask...as your lawyer...(looks at Cynthia)

Mapapansin ito ni Eduardo.

EDUARDO
Of course not! All of those are lies. Halata naman dahil after two years bigla siya magpaparamdam uli? Sino ba abogado niyan?

ATTY. CHAVEZ
It’s this young lawyer, Atty. Sylvia Ardenia. She has this advocacy thing sa mga sexually harassed women---

EDUARDO
Ba’t nagpapasikat ‘yan? Tatakbo ba ‘yan?

ATTY. CHAVEZ
She’s been doin this for a long time. Besides, she not our concern right now.

EDUARDO
There’s nothing to be concerned about Bernie dahil this is utter and pure bullshit!

Makikita ni Cynthia na namumula na sa galit si Eduardo. Tatayo si Cynthia at lalapit kay Eduardo.

CYNTHIA
Eduardo.

Eduardo raises his hand towards Cynthia as he catches his breath. Tatango si Eduardo, para malaman ni Cynthia na sinusubukan niyang kumalma. Eduardo sits down.

Bubukas ang pinto at papasok sina MATTHEW (42) at LUKE (35), mga anak nina Eduardo at Cynthia. Pareho silang naka-business attire. Magugulat ang mag-asawa na makita ang mga anak nila.

EDUARDO
Ba’t nandito kayo?

ATTY. CHAVEZ
Sinuggest kong dumaan sila so we can discuss this.

Hahalik at magbibigay respeto sina Matthew at Luke sa kanilang ina.

LUKE
How are you, Ma?

CYNTHIA
(politely smiles)
I’m okay, Luke, thank you.

EDUARDO
Bernie, inakasaya mo lang oras ng mga anak ko. Hayaan mo sila mag-file ng kaso, ibabasura lang naman ‘yan.

MATTHEW
Pa, agree rin naman ako sa pagtawag sa amin ni Atty. Chavez. We just have to manage this issue, kaya pumunta kami ni Luke, para mapag-usapan natin---

Hahamapsin ni Eduardo ang mesa sa inis.

EDUARDO
God damn it! I said there’s nothing to talk about! Bakit ba wala sa inyong nakikinig?!

CYNTHIA
Eduardo, please.
(kay LUKE)
Can we just leave your dad muna on his own, let him relax for a while.

Sesenyas si Matthew kay Luke, parang may pagkakainitindihan na sila. Lalapit si Luke kay Cynthia.

LUKE
I’m sorry, Ma, if it’s okay with you, labas po muna kayo, may pag-uusapan lang kami sandali.

Aalalayan na ni Luke si Cynthia papunta sa may pinto.

CYNTHIA
Pero ‘yung Papa mo---

LUKE
Don’t worry, Ma, we’ll keep him as calm as he can. Trust me po.

Mapipilitang sumunod si Cynthia sa kanyang mga anak. She reluctantly leaves the room. Sa paglabas ni Cynthia ng pinto ay pagsasarhan siya ng pinto ni Luke.

CUT TO:

18 INT. GUZMANS' RESIDENCE, LIVING ROOM - DAY. 18

Lubos ang pag-aalala ni Cynthia para sa kanyang asawa. Maglalakad siya papunta sa altar kung saan may malaking istatwa ng Lady of Fatima at iba't iba pang rebulto ng mga santo.

Magsisindi siya ng kandila at ilalabas ang rosaryo mula sa kanyang bulsa. Magaantanda si Cynthia sa harap ng altar.

CYNTHIA
I believe in God the Father Almighty, Creator of Heaven and Earth, and in Jesus Christ...

DISSOLVE TO:

19 INT. GUZMANS' RESIDENCE, FOYER - DAY, LATER. 19

Humahalik at nagpapaalam na sina Matthew at Luke kay Cynthia. Habang naghihintay sa labas ng bahay si Eduardo na kausap pa rin si Atty. Chavez.

CYNTHIA (V.O.)
His only Son, our Lord, who was conceived by the Holy Spirit, born of the Virgin Mary...

Maglakakad sina Matthew at Luke papalapit kay Eduardo at makikita ni Cynthia na nakatungo ang kanyang asawa, halatang mabigat ang problemang kinakarga habang kinakausap ang mga anak.

CYNTHIA (V.O.)
...suffered under Pontius Pilate, was crucified, died and was buried; He descended into hell; on the third day He rose again from the dead...

Sasakay na sa kani-kanilang mga sasakyan sina Matthew, Luke, at Atty. Chavez. Nakangiting kakawayan pa sila ni Cynthia habang paalis.

CYNTHIA (V.O.)
...He ascended into Heaven and is seated at the right hand of God the Father almighty...

Pinapanood nina Cynthia at Eduardo ang pag-alis ng mga sasakyan ng kanilang mga anak. Nang tuluyan nang makalabas ng gate ang mga sasakyan ay saka lang haharap si Eduardo kay Cynthia. Pilit na nginigiti si Eduardo sa kanya.

CYNTHIA (V.O.)
...from there He will come to judge the living and the dead...

Maglalakad na pabalik ng bahay si Eduardo at papalapit kay Cynthia. Halata ni Cynthia ang panlulumo sa paglalakad ni Eduardo.

CYNTHIA (V.O.)
(mas lalakas ang timbre ng boses)
...I BELIEVE in the Holy Spirit, the Holy Catholic Church, the Communion of Saints, the FORGIVENESS OF SIN, the resurrection of the body...

Titigil si Eduardo sa harap ni Cynthia. Hahawakan ni Cynthia ang kamay ni Eduardo sabay ngingiti sa asawa. Makakaramdam ng pagkakalma si Eduardo sa ginawa ni Cynthia.

CYNTHIA (V.O.)
...and life everlasting. Amen.

CUT TO:

20 INT. GUZMANS' RESIDENCE, MASTERS BEDROOM - DAY, LATER. 20

Inaalalayan ni Cynthia si Eduardo paupo sa kama. Nakahawak sa ulo si Eduardo, halatang stressed pa rin.

EDUARDO
I don't know ba't nangyayari 'to, I've always been kind to her. Hindi ko naman ginusto na mawalan siya ng trabaho because of redundancy.

Inaayos ni Cynthia ang unan at hihigaan ni Eduardo.

CYNTHIA
Tama na muna 'yan, Eduardo, you have to rest. Let Bernie do his job.

Susunod si Eduardo kay Cynthia at mahihiga na. Kukumotan ni Cynthia si Eduardo.

CYNTHIA (CONT'D)
I have faith that Bernie can fix this.

Biglang hahawakan ni Eduardo ang kamay ni Cynthia.

EDUARDO
You don't think that I did something wrong naman?

Tahimik lang si Cynthia.

EDUARDO (CONT'D)
Do you?

CYNTHIA
Of course not. Masyado ka ng stressed kaya ka nagkakaganyan, magpahinga ka na. Okay.

Tatango na si Eduardo at mapipikit. Itatabi na ni Cynthia ang hinubad na tsinelas ni Eduardo at ilalagay sa sulok ng kama. Aayusin din niya ang temperature ng aircon at isasara ang kurtina para mabawasan ang liwanag sa silid.

Matapos niya gawin ang lahat ng ito ay mauupo si Cynthia sa may silya na malapit sa tokador at titingnan ang kanyang asawang mahimbing na ang tulog. Tahimik niyang tinitingnan si Eduardo.

CUT TO:

21 EXT. KALYE (LILIW, LAGUNA) - DAY, DAYS LATER. 21

Naglalakad si Jonalyn na may dalang pinamili sa palengke. Kasabay niya ang maraming tao pero dinadaan-daanan lang siya. Isa lang siyang ordinaryong tao na gumagawa ng ordinaryong bagay kaya hindi kailangan pansinin.

Tutunog ang cellphone ni Jonalyn at makikita niyang tumatawag si Atty. Ardenia. Sasagutin niya ang tawag.

ATTY. ARDENIA (OTP)
Hello, Jonalyn, may sagot na kaming nakuha sa lawyer ni Mr. Guzman, and they're not settling.

Mapapakunot ang noo ni Jonalyn.

ATTY. ARDENIA (OTP) (CONT'D)
But don't panic, kasi we expected this. Our next step is to file the case sa RTC, and once the fiscal reads your statement siguradong ipapatawag niya ang camp ni Mr. Guzman, then they will surely settle, kasi they can't afford na malaman ng public 'to. Kaya don't worry, okay?

Tahimik si Jonalyn.

ATTY. ARDENIA (OTP) (CONT'D)
Jonalyn?

JONALYN
Okay po, Attorney.

ATTY. ARDENIA (OTP)
Good, now just like we already talked about, mas magiging madali sa 'ting lahat kung dito ka muna sa Manila magbe-base when all this happens. We already leased a condo unit for you to stay, sagot namin lahat ng expenses and you don't have to worry about a thing. Basta maghanda ka lang na sunduin in the next couple of days.

JONALYN
Sige po, Attorney. Thank you po.

ATTY. ARDENIA (OTP)
No, Jonalyn, maraming salamat for trusting me. I'll see you soon. Bye.

Jonalyn ends the call. Matatahimik siya at mapapatingin sa paligid. Dinadaan-daanan lang siya ng tao, ito ang gusto niya, pero ramdam niyang may malaking pagbabagong mangyayari.

CUT TO:

22 SERIES OF SHOTS 22

- SOCIAL MEDIA FEED : BLIND ITEM - RETIRED CEO/CHAIRMAN ACCUSED OF SEXUAL HARASSMENT BY FORMER EMPLOYEE

- SOCIAL MEDIA FEED : Sa comments section makikita ang iba't ibang statement na nasa feed na hinuhulaan kung sino ang nasabing CEO/CHAIRMAN

- TIKTOK VIDEO : makikita ang isang MALE TIKTOKTERIST na magbibigay ng clue sa nasabing isyu. Umiinom siya ng gatas habang nagsasalita.

MALE TIKTOKTERIST
Base sa source ko, pamilyado ang mayaman na negosyanteng 'to at kinalakihan nating lahat ang produkto nila. Kunyari pa mataas respeto niya sa kababaihan pero sarili niyang employees binabastos niya. (drinks milk) Yuck, lasang manyak. (spills the milk)

- SOCIAL MEDIA FEE : mahuhulaan na ng mga nagko-comment na MOTHER'S PRIDE MILK ang sinasabing CEO/CHAIRMAN na nang-abuso ng empleyado. Magkakaroon ng BOYCOTT MOTHER'S PRIDE hashtag dahl dito.

- TIKTOK VIDEO : isang FEMALE TIKTOKTERIST ang nagsasalita

FEMALE TIKTOKTERIST
It seems na accepted practice na sa nasabing company ang bastusin ang female employees by giving lewd comments and even touching them inappropriately, and it all boils down to the father of the said company. Sabi nga nila kung anong puno siya ring bunga, pero hindi ba sila nahihiya sa mga Mothers nila? Considering na do'n sila lahat yumayaman.

END OF SERIES

CUT TO:

23 INT. SAMUELS' HOUSE, JASMINE'S ROOM - NIGHT, SEVERAL NIGHTS LATER. 23

Nakatingin sa laptop si Jasmine binabasa ang social media niya habang kausap si Jonalyn sa cellphone.

JASMINE
Ang daming nagko-comment na i-boycott 'yung Mother's Pride, Ate, meron pa ngang sariling page 'yung Boycott Mother's Pride. Tapos lahat ng comments sinasabing hindi ka nag-iisa.

INTERCUTTING WITH:

24 EXT. CONDO (METRO MANILA), ROOFDECK - NIGHT. 24

Nasa kabilang linya si Jonalyn pero hindi gaya ni Jasmine ay mukhang bothered siya.

JONALYN
Sabi ni Attorney hindi lalabas ang kaso na 'to ah.

JASMINE
Baka nag-leak kasi nag-file na kayo ng kaso, pero wala naman dito pangalan mo, Ate.

JONALYN
Kahit na, ayokong lumaki ng ganito ‘to.

JASMINE
Mas okay ‘to, Ate, mas mape-pressure ngayon ‘yung demonyo mong boss lalo pa binoboycott na sila lahat ng tao.

JONALYN
May comment ba galing sa Mother’s Pride?

JASMINE
May nakita akong article na dine-deny nila na may involvement sila sa kaso, pero alam ng mga tao na bullshit ‘yun.

JONALYN
Jasmine, bibig mo.

JASMINE
Sorry, Ate. Nadala lang ako.

JONALYN
Diyan ako natatakot na makikigulo ka pa sa mga comments ng ibang tao.

JASMINE
Hindi, Ate, promise, hindi ako makiki-comment. Promise talaga.

JONALYN
Dapat lang, kasi ayokong dumagdag ka pa sa iispin ko.

JASMINE
Hindi talaga, Ate, promise. Lurker lang ako.

JONALYN
Tigilan mo na ‘yang kaka-lurk mo at mag-focus ka sa ina-applyan mong college.

JASMINE
Oo naman, Ate, meron nga isang requirement kailangan kong gumawa ng essay.
(MORE)

JASMINE (CONT'D)
'Yung tanong who's your personal hero and why. Ikaw ang isusulat ko.

JONALYN
Hindi ako hero, Jasmine.

JASMINE
Kahit anong sabihin mo, hero kita, Ate, at pagmamalaki ko 'yun.

Mapapangiti si Jonalyn.

JONALYN
Bahala ka, basta ayusin mo 'yan, gusto kong makapasok ka diyan sa dream school mo.

JASMINE
Oo, Ate, magpahinga ka na rin. I miss you.

JONALYN
Miss din kita. (smiles longingly) Good night.

Jonalyn ends the call.

Hindi pa rin mapakali si Jonalyn sa nasabing pag-leak sa internet. Kukuha siya ng sigarilyo mula sa kaha at magsisindi sana pero biglang makaka-receive siya ng screenshot mula kay Jasmine.

INSERT SCREENSHOT : comments ng mga pine-praise ang nag-file ng case na may #HINDIKANAGIISA.

Ibabalik ni Jonalyn ang sigarilyo sa kaha at iki-click ang hashtag. Makikita niya ang iba pang comments at babasahin niya ito.

CUT TO:

25 INT. CONDO, RENTED UNIT - DAY, NEXT DAY. 25

Nakapusod ang buhok at nakasuot ng blouse at maong si Jonalyn. Bubuksan niya ang pinto at agad na papasok si Atty. Ardenia kasama ang Male at Female Law Associate niya. May bitbit na garment bag ang Male Law Associate.

ATTY. ARDENIA
Good morning. (titingnan ang itsura ni Jonalyn) Kumusta tulog mo?

JONALYN
Hindi nga ko masyado nakatulog---

ATTY. ARDENIA
Baka namamahay ka lang. Pero don’t worry, ako naman ang kakausap sa legal team ni Mr. Guzman. You just have to be there.

JONALYN
May tanong nga pala ako, Attorney, nakita ko kasi sa Face---

ATTY. ARDENIA
(magbubuntong-hininga)
I know, hindi ko nga alam kung sa’n nanggaling ‘yung leak, pero I already asked my other team to find out. Pero on the brightside nakita mo naman ang support sa ‘yo ng mga tao. I told you naman na iba na panahon ngayon.

JONALYN
Ayoko lang talaga madamay pamilya ko, Ma’am.

ATTY. ARDENIA
And as I promised they won’t, sisiguraduhin naming hindi malalaman ng public ang identity mo. Just trust me on this one, okay?

Pilit na tatango si Jonalyn.

ATTY. ARDENIA (CONT’D)
By the way, may dala kaming damit which is more appropriate for the meeting.

Iaabot ni Male Law Associate ang garment bag kay Jonalyn. Ia-unzip ito ni Atty. Ardenia at makikita ni Jonalyn ang isang puting blouse at khaki pants.

ATTY. ARDENIA (CONT’D)
Ito muna suotin mo for our meeting, pati na rin ‘to.

May iaabot na crucifix ang Female Law Associate kay Atty. Ardenia na siya namang ibibigay kay Jonalyn. Makikita ni Jonalyn ang crucifix.

JONALYN
Hindi po ‘ko religious, Attorney.

ATTY. ARDENIA
I understand, pero the Gumzan family are, and this will help sa impression nila sa ‘yo.

JONALYN
Pero ano naman po koneksyon nito sa kaso, Ma’am.

ATTY. ARDENIA
To be honest, wala, pero based on my experience, this calms the other party kapag nakita nilang may suot-suot na ganito ang complainant. I’m not a religious person myself, pero feeling ko this (holds onto the gold crucifix she’s wearing) shakes up their core at mas nakokonsensya sila sa ginawa nila.

Makukumbinse si Jonalyn.

JONALYN
Okay po. Magbibihis lang po ako saglit.

ATTY. ARDENIA
Take your time.

Bitbit ang garment bag, maglalakad papasok ng banyo si Jonalyn.

CUT TO:

26 INT. GUZMANS’ RESIDENCE, DINING AREA - DAY. 26

Naka-bihis si Cytnhia para sa meeting nila nina Eduardo. Abala si Cynthia sa paghahanda ng mga gamot ni Eduardo. Lalabas ang Kasambahay na may dalang tasa at plato ng prutas.

CYNTHIA
Lagay mo na lang diyan.

EDUARDO (O.S.)
All right, papunta na kami.

Lalabas si Eduardo na naka-suit and tie. Nakakunot ang noo habang nasa cellphone. Titingin siya sa Kasambahay.

EDUARDO (CONT’D)
Si Rene?

KASAMBAHAY
Nasa kotse na po.

Dadaanan lang ni Eduardo si Cynthia.

CYNTHIA
Hindi ka muna magbe-breakfast?

Tuluy-tuloy lang sa paglalakad si Eduardo at hindi lilingunin si Cynthia.

EDUARDO
Dalhin mo na lang. I want to get there early.

Agad na titingin si Cynthia sa Kasambahay.

CYNTHIA
Balutin niyo na ‘yan.

Matataranta ang Kasambahay. Titingin si Cynthia sa isa pang Kasambahay.

CYNTHIA (CONT’D)
Kunin mo ‘yung bag ko sa sala.

Tatango si KASAMBAHAY 2 at magmamadali papuntang sala. Ilalagay ni Cynthia ang mga gamot ni Eduardo sa medicine box at hahabol sa kanyang asawa palabas.

CUT TO:

27 INT. BUILDING, CO-WORKING SPACE OFFICE, CONFERENCE ROOM - DAY, LATER. 27

Kabadong papasok si Jonalyn sa kuwarto kasama nina Atty. Ardenia pati ang mga associates niya. Agad na sasalubungin ni Atty. Chavez si Atty. Ardenia.

ATTY. CHAVEZ
Sylvia.

Bebeso si Atty. Chavez kay Atty. Ardenia.

ATTY. ARDENIA
Atty. Chavez good afternoon.

Makikita na ni Jonalyn ang lahat ng tao sa kuwarto, may tatlong naka-business attire pa sa kuwarto na mga Law Associates ni Atty. Chavez. Nasa isang sulok si Eduardo na katabi si Cynthia. Nakatitig lang sa kawalan si Eduardo na parang walang nangyayari, hindi man lang papansinin sina Jonalyn.

ATTY. CHAVEZ
Please sit. Do you want anything?

Aalalayan ni Male Lawyer Associate si Jonalyn na maupo. Malayo siya sa kinauupuan nina Eduardo at Cynthia.

ATTY. ARDENIA
No, we're fine, pero my client is a bit tired. So, can we go straight to our agenda?

ATTY. CHAVEZ
Of course.

Everyone settles down. Si Jonalyn ay pinapanood lang si Atty. Ardenia.

ATTY. ARDENIA
My client is willing to not pursue this case depende sa io-offer niyong compensation because of the trauma that she experienced with your client.

Matatawa si Atty. Chavez.

ATTY. CHAVEZ
I think nagkamali ka ng intindi, Sylvia, we're not here to offer anything. In fact kaya lang kami nakipag-usap sa inyo kasi magka-countersuit kami sa kliyente mo for maliciously defaming my client's name with her erroneous accusations.

Matatawa na rin si Atty. Ardenia.

ATTY. ARDENIA
Bernie naman, huwag na tayo maglokohan, kaya naman kayo nakipag-meeting sa amin dahil alam mo na mapupunta sa korte 'to.

Ibabaling ni Jonalyn ang tingin kina Eduardo at Cynthia.

ATTY. CHAVEZ
Let's just say tama ka, kunyari lang tama ka ha. Even if makapasa 'to sa piskal, the judge will immediately dismiss this dahil sa evidence namin showing that your client was an incompetent employee who's just trying to get even with my client.

Mapapansin ni Jonalyn na parehong nakatingin sa kawala ang mag-asawa. Hawak ni Cynthia ang kaliwang kamay ni Eduardo habang ang kanang kamay niya ay may hawak na rosaryo. Gumagalaw ang bibig ni Cynthia at halatang nagdadsal siya.

Mararamdaman ni Cynthia na nakatingin sa kanya si Jonalyn. Titingnan ni Cynthia si Jonalyn. Iiwas ng tingin si Jonalyn.

ATTY. ARDENIA
(sneers)
'Yan ba ang strategy niyo, Bernie---

ATTY. CHAVEZ
I'd prefer to be addressed as Atty. Chavez.

ATTY. ARDENIA
All right, Atty. Chavez, what I'm saying right now is that we will pursue the case despite your threat of a countersuit. It's just disappointing that a lawyer of your reputation would have that silly strategy.

Pasimpleng susulyap si Jonalyn sa mag-asawa at mapapansin niyang nakatingin si Cynthia sa may dibdib niya. Pagtungo ni Jonalyn ay saka lang niya maaalala ang suot na crucifix, ito ang tinititigan ni Cynthia.

ATTY. CHAVEZ
What strategy do you prefer? 'Yung magpa-leak sa social media?

ATTY. ARDENIA
I don't know how that leak came about, Atty. Chavez.

ATTY. CHAVEZ
Oh come on, Sylvia, huwag na tayo mag-gagohan.

ATTY. ARDENIA
First of all, it's Atty. Ardenia. And secondly, it wasn't us, besides the leak should be the least of your worries considering the effect of this issue sa company niyo. Magkano na nga ba binagsak ng valuation ninyo because of this issue?

EDUARDO

Bernie.

Sesenyas si Eduardo kay Atty. Chavez. Lalapit si Atty. Chavez kay Eduardo na may ibubulong sa kanya. Babalik si Atty. Chavez sa kinauupuan niya.

ATTY. CHAVEZ

My client wishes to discuss something, so kung okay lang sa inyo we'll just schedule another meeting.

ATTY. ARDENIA

Okay.

ATTY. CHAVEZ

Thank you.

Magkakamayan sina Atty. Ardenia at Atty. Chavez. Titingnan ni Atty. Ardenia si Jonalyn na agad na tatayo at lalabas nang hindi man lang tumitingin kina Eduardo.

CUT TO:

28 INT. BUILDING, ELEVATOR 1 - DAY. 28

Papasok sina Jonalyn, Atty. Ardenia, at ang law associates niya. Pagkasara ng elevator doors ay mapapatili sa tuwa si Atty. Ardenia. Jonalyn doesn't share her enthusiasm.

ATTY. ARDENIA

Nakita mo 'yun? Natataranta na sila. Sandali na lang, Jonalyn at makukuha mo na ang matagal mo ng hinihintay.

Jonalyn forces a smile.

ATTY. ARDENIA (CONT'D)

Aren't you happy?

JONALYN

Sa inyo ba galing 'yung leak?

ATTY. ARDENIA

Of course not. Huwag ka maniwala sa mga sinasabi ni Atty. Chavez. Sinungaling 'yung matandang 'yun.

Tatango si Jonalyn pero halatang hindi kumbinsido. Sabik na hahawakan ni Atty. Ardenia ang mga balikat ni Jonalyn.

ATTY. ARDENIA (CONT'D)
What matters now is that their scared at gagawin nila lahat para matapos na ang isyung ‘to. That’s why I want you to think really hard kung anong gusto mong makuha dito. Think of what will make your family happy.

Magalang na ngingiti si Jonalyn. Muling yayakapin siya ng galak na galak na si Atty. Ardenia. Maski ang Male and Female Law Associate ay yayakapin si Jonalyn.

CUT TO:

29 INT. BUILDING, ELEVATOR 2 - DAY, LATER. 29

Bubukas ang elevator doors at papasok sina Atty. Chavez kasama ang kanyang legal team. Huling papasok sina Eduardo at Cynthia na magkahawak ng kamay. Kaharap ni Atty. Chavez ang legal team niya.

ATTY. CHAVEZ
Call Major De Leon, gusto ko makakuha ng lahat ng info tungkol sa pamilya at mga kaibigan ni Ms. Samuel. Every dirt, kailangan natin makuha.

Si Cynthia ay nakakapit lang sa braso ni Eduardo. Nakakunot ang noo ni Eduardo at halatang nagtitimpi. Hinihimas ni Cynthia ang balikat ni Eduardo umaasang kumalma ang asawa.

ATTY. CHAVEZ (CONT'D)
(kay EDUARDO)
Our team will just reconvene. Pero rest assured pare, na this won’t reach the courts.

EDUARDO
Tsaka walang bayaran na maga---

Biglang mapapakapit si Eduardo sa kanyang kaliwang balikat.

CYNTHIA
Eduardo?

Babagsak si Eduardo sa sahig. Mawawalan siya ng malay.

CYNTHIA (CONT'D)
Eduardo! 'Yung gamot niya, kunin niyo 'yung gamot niya!

Magkakagulo sa loob ng elevator habang nakasalubsob sa sahig si Eduardo.

CUT TO:

30 SERIES OF SHOTS 30

- SOCIAL MEDIA NEWS FOOTAGE : May news anchor na naga-announce.

NEWS ANCHOR 1
Sumakabilang buhay na ang founder ng Mother's Pride Milk na si Eduardo Guzman, isang nirerespetong negosyante, siya ang nagdala ng formula milk sa masa at kinilala ang kanyang produkto bilang the nation's milk.

- SOCIAL MEDIA NEWS FOOTAGE : May isa pang news anchor ang nagbabalita.

NEWS ANCHOR 2
According to reports, Mr. Guzman came from a meeting and suffered a massive heart attack inside an elevator. He is survived by his wife, Cytnhia, his children, Matthew and Luke, and his grandchildren.

- SOCIAL MEDIA NEWS FOOTAGE : Iniinterview si Matthew ng reporters. Balisa ang itsura ni Matthew, nabigla pa rin sa nangyari sa kanyang ama.

May TEXT sa baba ng footage : MATTHEW GUZMAN, CEO/PRESIDENT MOTHER'S PRIDE MILK

MATTHEW
We are all grateful to everyone's sympathies and prayers, and we hope (voice cracks)...we hope that everyone will understand if we ask for our family to be given our own time to grieve the passing of our beloved father...

- SOCIAL MEDIA FOOTAGE : Dalawang podcasters ang nag-uusap habang nagla-livestream

PODCASTER 1
Hindi rin naman na-confirm kung si Mr. Guzman ‘yung alleged CEO na nag-sexually harass ng empleyado niya ‘di ba?

PODCASTER 2
Yes, hindi na-confirm, pero base of course halata namang siya na ‘yung tinutukoy na CEO sa blind item.

PODCASTER 1
Pero dahil sa nangyari wala ng pagkakataon na depensahan ni Mr. Guzman ang sarili niya.

PODCASTER 2
Correct, and kung ano man ang katotohanan, mas tama naman sa ngayon na bigyan muna ng biktima ang pamilya ng namayapang CEO ang oras na magluksa.

PODCASTER 1
Ba’t mo naman ina-assume na guilty si Mr. Guzman?

PODCASTER 2
Hindi ko sinasabi ‘yan partner, ang akin lang naman e patay na ang tao so dapat patay na rin ang isyu.

END OF SERIES

CUT TO:

31 EXT. CONDO, ROOFDECK - NIGHT, SEVERAL NIGHTS LATER. 31

Agitated si Jonalyn na may tinatawagan sa cellphone.

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT (V.O.)
Hello, Ms. Samuel.

JONALYN
Sa wakas sumagot din kayo---

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT (V.O.)
Pasesnya na po, ma’am, nasa Hong Kong kasi si Atty. Ardenia ngayon attending to another client.

JONALYN
Kailan siya babalik?

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT (V.O.)
Hindi pa po sure---

JONALYN
Pa’nong hindi sure?

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT (V.O.)
May mga bagong appointment po kasing nagdatingan no’ng nando’n siya kaya in-adjust namin ‘yung calendar niya.

JONALYN
Hindi kasi siya sumasagot sa ‘kin, hindi naman siya ganyan dati.

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT (V.O.)
Sobrang jampacked lang po talaga ang schedule ni Attorney, pero rest assured po na kokontakin namin kayo as soon as may advise sa kanya.

JONALYN
Wala ba kong ibang puwedeng makausap sa mga abogado niya? ‘Yung dalawa niyang laging kasama---

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT (V.O.)
Unfortunately, kasama rin po sila ni Atty. Ardenia sa Hong Kong ngayon.

Mapapabuntong-hininga na lang sa frustration si Jonalyn.

JONALYN
Sige, sige, advise niyo na lang ako kung nakabalik na siya.

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT (V.O.)
Will do, ma’am.

Jonalyn ends the call. Inis si Jonalyn, hindi mapakali. Kukuha siya ng sigarilyo at magsisindi. Sa paghithit ng sigarilyo na lang niya ilalabas ang frustration at kaba.

Magri-ring ang kanyang cellphone at makikita niya sa caller ID na tumatawag si Myrna. Hindi niya ito papansinin at itutuloy lang ang paninigarilyo.

CUT TO:

32 INT. ARDENIA-CORTEZ-LIM LAW FIRM, CONFERENCE ROOM - DAY, DAYS LATER. 32

Inip ng naghihintay si Jonalyn sa kuwarto nang pumasok si Atty. Ardenia kasama ang dalawa niyang law associates. Nakangiting kakamayan pa ni Atty. Ardenia si Jonalyn na parang ayos lang ang lahat.

ATTY. ARDENIA
Kumusta ka na, Jonalyn?

JONALYN
Kanina pa ko naghihintay dito.

ATTY. ARDENIA
I know, pero because of what happened ang dami-dami naming inaayos.

JONALYN
Ano na mangyayari sa ‘kin?

ATTY. ARDENIA
Unfortunately, dahil sa pagkamatay ni Mr. Guzman e hindi na natin mapu-pursue ang case mo---

JONALYN
Pa’nong hindi na?

ATTY. ARDENIA
Sumakabilang buhay na kasi ang taong inaakusahan mo---

JONALYN
So gan’on na lang? Tapos na?

ATTY. ARDENIA
I’m sorry---

JONALYN
Hindi, Attorney, hindi puwedeng sorry lang ang isasagot mo sa ‘kin.

ATTY. ARDENIA
I know you’re upset, I get it---

JONALYN
Nananahimik ako sa ‘min, unti-unti na nga akong nagmo-move on sa problemang ‘to, pero pinilit niyo kong magsalita at ilaban ang kasong ‘to. Nangako kang mananagot sila.

ATTY. ARDENIA
I know, pero wala na---

JONALYN
Hindi! Hindi ako papayag! Buhay pa naman ang pamilya nila e. At alam ng mga anak niya ang kababuyang ginawa sa akin ng tatay nila.

ATTY. ARDENIA
Pero wala tayong kasong mahahain laban sa pamilya niya.

JONALYN
Eh ‘yung pagsisante nila sa ‘kin? Labag sa batas ‘yun ‘di ba?

ATTY. ARDENIA
Yes, but---

JONALYN
Alam mo bang hindi lang ako ang ginanyan nila? Modus ng kumpanyang ‘yan isisante ang mga taong nagfa-file ng sexual harassment.

Matitigilan dito si Atty. Ardenia.

ATTY. ARDENIA
Is that true?

JONALYN
Oo, kaya nga nagdadalawang isip akong mag-file ng kaso no’n kasi may ilan ng nasisante o pinwersang mag-resign dahil do’n. Talamak ang sexual harassment sa lugar na ‘yun, kultura na ‘yun sa kumpanyang ‘yan.

ATTY. ARDENIA
May kakilala kang na-experience ‘yan?

JONALYN
Hindi ko sila ka-close pero sigurado akong nangyari sa kanila ‘yan.

Bubulong si Atty. Ardenia sa mga associates niya. Halatang nagka-interes dito si Atty. Ardenia.

ATTY. ARDENIA
Ganito, Jonalyn, ibigay mo sa amin ang mga pangalan ng mga sinasabi mong victim ng wrongful termination para makontak namin sila. We’ll try to get the numbers para ma-pursue ang case na ‘to at maging accountable ang kumpanya sa kasalanan nila.

Kakalma si Jonalyn at tatango.

ATTY. ARDENIA (CONT’D)
In the meantime, it would be best na umuwi ka na lang din muna sa inyo. I know that this has been very difficult for you and I’m sure nami-miss mo na pamilya mo. I’ll have my team work on this case, at babalitaan ka namin agad sa development.

Hahawakan ni Atty. Ardenia ang kamay ni Jonalyn.

ATTY. ARDENIA (CONT’D)
Hindi pa tapos ang laban, okay?

Jonalyn nods politely.

CUT TO:

33 INT. PROVINCIAL BUS - NIGHT. 33

Seryosong nanonood si Jonalyn ng isang video sa cellphone niya. Nasa video si Linda na iniinterbyu ng media.

May TEXT GRAPHICS sa video na nakasaad : LINDA MERCADO FORMER EXECUTIVE ASSITANT OF EDUARDO GUZMAN

LINDA (ON VIDEO)
Higit twenty years akong nagtatrabaho sa Mother’s Pride at naging assistant ako ni Mr. Guzman nang lagpas isang dekada, pero ni minsan hindi ako nakaranas ng pambabastos sa kanya. Kaya hindi ko rin maintindihan kung anong sinasabi no’ng nagakusa sa kanya.

Mababahala dito si Jonalyn.

CUT TO:

34 INT. MOTHER’S PRIDE MILK CORPORATE OFFICE - DAY / NIGHT. 34
(JONALYN’S IMAGINATION)

SERIES OF SHOTS

Mai-imagine ni Jonalyn ang mga events na sinaad niya noon sa kanyang salaysay pero magbabago ang perspektibo dahil sa mga sinasabi ni Linda sa interbyu.

LINDA (V.O.)
Aaminin kong may ibang mga executives na palabiro talaga pero minsan kasi may mga empleyado ring nag-uudyok na biruin sila.

- CONFERENCE ROOM : Makikita si Jonalyn na nag-aabot ng pagkain sa mga executive pero sa pagkakataong ito nakatanggal ang kanyang blazer at naka-spaghetti strap na blouse. Binibiru-biro siya ng ibang executives at kinikilig ang reaksyon ni Jonalyn.

LINDA (V.O.)
Kung mananamit ka rin naman nang hindi tama sa trabaho, e parang inuudyok mo talagang bastusin ka. Tsaka kahit gano’n ‘yung ibang boss, hindi ko nakitang nakikisabay si Mr. Guzman. Sinisita pa nga niya e. Tsaka nirerespeto niya ang personal space ng kada empleyado sa Mother’s Pride, lalo na kaming mga babae.

- CEO OFFICE, RECEIVING AREA : Nakaspaghetti strap si Jonalyn habang nagtatrabaho at sesenyasan niya si Eduardo na may iko-konsulta. Lalapit si Eduardo kay Jonalyn at titingnan ang laptop. Hahawakan ni Jonalyn ang kamay ni Eduardo na parang sine-seduce ang boss niya.

LINDA (V.O.)
Kung meron mang naging inappropriate akong nakita e ‘yun ‘yung mga empleyadong may gusto kay Mr. Guzmsn. Mabait po kasi talaga ‘yung taong ‘yun. Kaya ang daming nagkakagusto sa kanya. Pero hinding-hindi siya mambabastos ng empleyado, lalo na ng kababaihan.

END OF SERIES OF SHOTS

CUT TO:

35 INT. PROVINCIAL BUS - NIGHT, CONTINUOUS. 35

Agad na ititigil ni Jonalyn ang kanyang pinapanood at mababahala sa mga sinabi ni Linda. Maski siya ay nalilito na sa mga sinasabi ng mga taong inakala niya’y kakampi niya.

CUT TO:

36 EXT. KALYE (LILIW, LAGUNA) - NIGHT, LATER. 36

Bababa ng bus si Jonalyn at maglalakad na papunta sa bahay niya. Habang naglalakad mapapansin niya na parang may mga nakatingin sa kanya. Maiilang si Jonalyn at mas bibilis pa ang paglalakad. May isang LALAKI ang hindi matiis na tawagin ang pansin ni Jonalyn.

LALAKI
Hindi ka na naawa sa patay! Kilabutan ka nga!

Matatakot si Jonalyn sa kaligtasan niya’t kakaripas na ng takbo.

CUT TO:

37 INT. GUZMANS' RESIDENCE, FOYER - NIGHT. 37

Pagod na papasok si Cynthia sa bahay habang inaalalayan siya ng mga anak na sina Luke at Matthew.

LUKE
Ma, sure ka ba talagang ayaw mo matulog muna sa amin, Bea already prepared the room for you.

CYNTHIA
Hindi na, anak, I don't want to intrude.

LUKE
Hindi ka naman nagi-intrude, Ma.

MATTHEW
Tsaka I'm sure Dad, won't like you to be alone right now.

CYNTHIA
I'm good, hindi naman ako mag-isa, may mga helpers naman ako kasama dito.

MATTHEW
You know what I mean, Ma.

Malambing na hahawakan ni Cynthia ang mukha ni Matthew.

CYNTHIA
You have your home and this is mine. Umuwi na kayo sa pamilya niyo at magkita na lang uli tayo bukas sa novena.

MATTHEW
We're just worried for you, Ma.

CYNTHIA
Ako rin naman sa inyo, but am I forcing you to stay here? Umuwi na kayo, kailangan kayo ng mga apo ko. They also lost their lolo, be there for them, okay?

LUKE
Basta call us anytime if you need anything, okay?

CYNTHIA
Okay, okay. Sige na, umuwi na kayo.

MATTHEW
Love you, Ma.

CYNTHIA
I love you, too.

Hahalik si Matthew at yayakap kay Cynthia.

CYNTHIA (CONT'D)
By the way, can you tell Bernie to drop over tomorrow, may gusto lang ako i-consult sa kanya.

LUKE
Will do, Ma, I love you. Magpahinga ka na.

Hahalik at yayakap din si Luke.

CYNTHIA
Love you, too. Message me as soon as you get home.

Hahatid na ni Cynthia sina Luke at Matthew palabas.

Pagkaalis ng mga anak ay titingin si Cynthia sa malaking tahanan nila. Mararamdaman niya ang pagka-isa.

CUT TO:

38 INT. SAMUELS' HOUSE, JONALYN'S ROOM - NIGHT, LATER. 38

Nakahiga si Jonalyn pero hindi makatulog dahil sa nangyayari. Bubukas ang pinto at papasok si Jasmine na naka-uniporme pa.

JASMINE
Ate.

Agad na yayakapin ni Jasmine si Jonalyn. Sobrang higpit ng yakap ni Jasmine sa kanyang kapatid. Aaluin ni Jonalyn si Jasmine.

JONALYN
Huwag ka mag-alala, hindi pa tapos ang laban.

Titingin si Jasmine kay Jonalyn.

JONALYN (CONT'D)
Lalaban pa ko.

JASMINE
Andito lang ako, Ate.

Nakangiting tatango si Jonalyn at yayakapin nang mahigpit si Jasmine.

CUT TO:

39 INT. GUZMANS' RESIDENCE, MASTERS BEDROOM - NIGHT. 39

Nakaupo sa may tokador si Cynthia, nakapantulog na siya’t tinatanggal ang kanyang make-up. There is pain sa kanyang mata, pero pinipigilan niya ang umiyak.

Hihinga siya nang malalim at maglalakad papunta sa kama. Kukunin niya ang mga unan at kumot ni Eduardo. Kukunin din niya ang bedroom slippers sa may tabi ng kama, pati na rin ang iba pang mga gamit ng asawa sa side table.

Maglalakad siya papunta sa aparador at dito maayos ilalapag ang mga niligpit na gamit ni Eduardo. Mula sa isang sulok ay may kukunin na mga kahon si Cynthia.

Bitbit ang kahon, maglalakad siyang papasok sa isang pang silid.

CUT TO:

40 INT. GUZMANS' RESIDENCE, MASTERS BEDROOM, HUMIDOR - NIGHT. 40

Laman ng kuwarto ang cigar boxes ni Eduardo, it looks like his man-cave. Sa gitna ng kuwarto ay isang malaking LED TV at recliner chair na may night table at ashtray with an unfinished cigar.

Maglalakad si Cynthia papunta sa isang cabinet. Pagbukas niya nito ay makikita ang stacks of pornographic materials, from magazines, VCDs, and DVDs. Isa-isa itong kalmadong kukunin ni Cynthia at ilalagay sa dala-dalang mga kahon. Ang demeanor ni Cynthia ay katulad lang din sa pagliligpit ng unan at kumot.

CUT TO:

41 EXT. GUZMANS' RESIDENCE - NIGHT, LATER. 41

Lumalabas si Cynthia na bitbit ang mga kahon na pinaglagyan niya ng pornographic materials ni Eduardo. Magmamadaling kukunin ito ni RENE, ang kanilang family driver.

CYNTHIA
Pasensya ka na pina-gising kita, gusto ko na kasi maalis ang mga ‘to sa bahay.

RENE
Wala pong problema, Ma’am.

CYNTHIA
I-dispose mo ‘tong mga kahon malayo dito, okay?

RENE
Sige po, Ma'am. Ako po bahala.

CYNTHIA
Salamat, Rene.

Bibitbitin ni Rene ang mga kahon papasok sa sasakyan. Aalis si Rene. Nakatitig lang si Cynthia sa papaalis na sasakyan, tila nakahinga nang maluwag nang mawala na ang mga gamit na 'yun sa tahanan nila.

CUT TO:

42 INT. GUZMANS' RESIDENCE, LIVING ROOM - NEXT DAY. 42

Nasa kalagitnaan ng pagdadasal ng rosaryo si Cynthia nang hinahatid ng Kasambahay si Atty. Chavez sa kanya.

KASAMBAHAY
Excuse me po, ma'am.

Makikita ni Cynthia si Atty. Chavez at titigil sa pagdadasal.

ATTY. CHAVEZ
I can wait---

Sasalubungin ni Cynthia si Atty. Chavez. Bebeso si Atty. Chavez sa kanya.

CYNTHIA
No, it's fine. Sit down please.

Mauupo sina Cynthia at Atty. Chavez.

CYNTHIA (CONT'D)
Alam mo, wala akong kaalam-alam sa internet pero si Gavin helped me with that para makapag-chat kami. Siya gumawa ng Facebook ko.

ATTY. CHAVEZ
May Facebook ka pala, ba't hindi mo ko ina-add?

CYNTHIA
Mga anak at apo ko lang ang nakakaalam ng Facebook ko.
(MORE)

CYNTHIA (CONT'D)
I like keeping updated with their lives, but despite my limited contacts nababasa ko pa rin 'yung mga comments about boycotting Mother's Pride.

Mapapabuntong-hininga si Atty. Chavez.

ATTY. CHAVEZ
Yes, pero that issue has substantially died down after Pareng Eduardo's passing.

CYNTHIA
Do'n nga ako nag-aala, Bernie, andiyan pa rin 'yang isyung 'yan.

ATTY. CHAVEZ
Just give it time, Cynthia, besides na-manage naman properly ng mga anak mo ang isyu na 'to. Huminto na sa pag-pullout 'yung mga major groceries and distributors.

CYNTHIA
Kumusta ba 'yung babae? Tumigil na ba siya?

ATTY. CHAVEZ
Well she doesn't have a case, Eduardo's gone. Legally, wala na siyang habol.

CYNTHIA
Pero there are other ways para makuha niya gusto niya. (firm) It took her two years para maglakas ng loob pero magsampa ng kaso, you think she'd stop that easily? I'm sure siya nag-start niyang boycott campain na 'yan. And my children are suffering because of that.

ATTY. CHAVEZ
(exasperated)
How can I help? Do you want me to file a case against her dahil do'n?

CYNTHIA
You said na kampo nila ang nag-leak sa social media about this case.

ATTY. CHAVEZ
I’m not completely sure, pero very likely dahil alam ng abogado niya ang power ng social media.

Tatango si Cynthia.

CYNTHIA
I already talked to someone from the building where Eduardo died and I have a copy of the footage of him dying, and a little bit more. I want you to upload it.

Matitigilan si Atty. Chavez.

CYNTHIA (CONT’D)
My sons are good boys, they’re very, very different from their dad. Kaya ayokong sila ang managot sa actions ng asawa ko. My children don’t deserve that.

Tatango si Atty. Chavez, naiintindihan si Cynthia.

CUT TO:

43 INT. SAMUELS' HOUSE, JONALYN'S ROOM - NIGHT. 43

Nasa harap ng laptop si Jonalyn na kausap ang kanyang ONLINE CLIENT.

JONALYN
I have already made your hotel arrangements on the 25th. Upon your arrival in Fukoka, a---

Biglang bubukas ang pinto at humahangos na papasok si Jasmine.

JASMINE
Ate!

Sesenyas si Jonalyn kay Jasmine nang sandali lang. Hindi mapakali si Jasmine habang hawak-hawak ang kanyang cellphone.

JASMINE (CONT’D)
Sorry, Ate, pero kailangan mo makita ‘to.

JONALYN
(to ONLINE CLIENT)
Sorry, Sir, can you just give me a moment, I just have an emergency I have to attend to.

Isasarado ni Jonalyn ang video niya sa laptop at haharap kay Jasmine.

JONALYN (CONT'D)
Jasmine naman, nagtatrabaho ako---

JASMINE
Ate, tingnan mo ‘to.

Papakita ni Jasmine ang kanyang cellphone at makikita ni Jonalyn ang isang video. Footage ito ng pag-atake sa puso ni Eduardo sa loob ng elevator.

Nagkakagulo sa elevator dahil sa pagbagsak ni Eduardo at ang panic ng lahat ng tao dito, naka-edit ang nasabing video na ang naka-juxtapose ay ang footage ng video ni Jonalyn kasama sina Atty. Ardenia na masaya't nagyayakapan, looking victorious.

JONALYN
Sa'n mo nakuha ‘yan?

JASMINE
Viral na siya, Ate. Akala ng mga tao na tuwang-tuwa ka sa pagkamatay ng boss mo. Kilala ka na nila.

JONALYN
Huwag ka ng makisawsaw diyan, huwag ka na magko-comment, ako na bahala dito.

CUT TO:

44 EXT. SAMUELS' HOUSE - NIGHT. 44

Nasa cellphone si Jonalyn, habang may hawak na nakasinding sigarilyo. Tinatawagan niya si Atty. Ardenia. Walang sumasagot. Tatawagan niya ang iba pang mga abogado, pero pare-pareho silang hindi sumasagot.

Magme-message si Jonalyn sa kanila at ise-send. Kabado si Jonalyn, hindi alam ang gagawin.

CUT TO:

45 SERIES OF SHOTS 45

- SOCIAL MEDIA FEED : May nagpo-post ng pictures ni Jonalyn pati profile niya. TEXT ON GRAPHICS : Ito yung profile nung babae, malandi pala talaga siya! Gold digger!

- SOCIAL MEDIA FEED : Makikita ang nagdadagsaang comments sinasabing MALANDI! WALANG PUSO! MUKHANG PERA! POKPOK!

-SOCIAL MEDIA FEED : Comments tungkol kay JONALYN, HINDI NAMAN SIYA NI-RAPE! ANG O.A. NAMAN! NAKAKAMATAY TALAGA MAG-JOKE NGAYON!

- SOCIAL MEDIA FEED : Nagspe-spread din ang photos ni Jonalyn na umiinom, nakabikin, sumasayaw na may kasamang lalaki. Pinalalabas talagang malandi siyang babae.

- SOCIAL MEDIA FEED : GRAPHICS ng comment ni JASMINE : Mabuting tao ang Ate ko, kayo ang masasama! Mga bayaran kayo lahat ng demonyo!!!

- SOCIAL MEDIA FEED : Jasmine’s comment is shared and she is bashed by netizens.

46 INT. ARDENIA-CORTEZ-LIM LAW FIRM, LOBBY - DAY, DAYS LATER. 46

Galit na kaharap ni Jonalyn ang ASSISTANT NI ATTY. ARDENIA. May dalawang SECURITY GUARD na nakaantabay.

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT
Wala nga po si Attorney dito, Ma’am.

JONALYN
Pinagloloko niyo ko e. Ilang araw na siyang wala?

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT
Ma’am, busy po talaga si Attorney, hindi lang naman po ikaw client niya.

JONALYN
Ginagago niyo ko, sabihin mo kay Attorney harapin niya ko.

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT
Ma’am please keep calm, hindi po---

JONALYN
Pa’no ako kakalma? Binabastos na ko ng mga taong hindi ko kilala. Naapektuhan na buong pamilya ko. Pinangako ni Attorney na hindi malalaman ng tao kung sino ako, tapos ganito?!

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT
Ma’am sasabihin ko kay Attorney na lang na dumaan kayo---

JONALYN
Hindi ako aalis, hihintayin ko siya dito.

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT
Ma’am hindi nga po siya dadating ngayon.

JONALYN
So kailan? Kailan siya dadating?

ATTY. ARDENIA’S ASSISTANT
Babalitaan na lang po namin kayo---

JONALYN
Ginago ninyo ko!

Titingin ang Assistant sa dalawang Security Guard na lalapit sa kanya.

SECURITY GUARD
Ma’am---

Inis na iiwas si Jonalyn at galit nang aalis. Alam niyang mauuwi lang ito sa wala kapag nanatili pa siya doon.

CUT TO:

47 EXT. ARDENIA-CORTEZ-LIM LAW FIRM - NIGHT. 47

Paparada ang isang sasakyan at lalabas mula dito si Atty. Ardenia. Hindi pa siya nakakalayo ay nagmamadaling lalapitan siya ni Jonalyn.

JONALYN
Attorney!

Magugulat si Atty. Ardenia makita si Jonalyn.

ATTY. ARDENIA
Jonalyn, buti nandito ka, I really wanted to talk to you---

JONALYN
(agitated)
Attorney, anong nangyari?!

ATTY. ARDENIA
My team is finding out, pero we suspect na may binayaran na trolls sina Atty. Chavez to leak---

JONALYN
Nangako ka Attorney. Sinabi mo hindi malalaman ng mga tao kung sino ako. Tapos ngayon lahat ng pictures ko nakakalat na sa internet. Nababasa mo ba mga kabastusan nila?

ATTY. ARDENIA
I know that this is hard for you---

JONALYN
Wala akong pakialam sa alam mo, ang gusto ko malaman e kung anong gagawin ninyo!

ATTY. ARDENIA
We're trying to find ways to find the culprit and stop this mess---

JONALYN
Anong ihihinto e sirang-sira na ko! Attorney, nanahimik na ako e, pinagkatiwalaan kitang tutulungan mo ko, pero mas pinalala mo pa sitwasyon ko.

ATTY. ARDENIA
Jonalyn, please calm down---

JONALYN
Tinatarantado niyo ba ko?!

Mapipikon na dito si Atty. Ardenia.

ATTY. ARDENIA
Look, no one wanted this, all right? Hindi ko rin naman gustong mangyari ‘to. Pero malakas talaga kalaban natin and there are things that are out of my control. Hindi lang naman ang apektado dito. Bina-bash din ako sa social media ngayon for helping you out. Pero pinagtatanggol pa rin kita.

JONALYN
Pero ‘yung pangako mo Attorney...

ATTY. ARDENIA
And I still want to help you and fix all this...(magbubuntong-hininga) pero kung ganyan ka, I think it would be best that we go our own ways.

JONALYN
Nilalag mo na ko?

ATTY. ARDENIA
This relationship won’t work if you won’t trust me. Believe me, marami pang gagawin worse things ‘yung kalaban mo just to protect themselves. Pero kung unting aberya lang e magwawala ka ng ganyan, then there’s no point for me to exert this much effort in helping you out. Kasi parang ayaw mo naman ‘yung tulong ko e.

Matitigilan si Jonalyn sa sinabi ni Atty. Ardenia.

ATTY. ARDENIA (CONT’D)
I wish you luck, Jonalyn. I’ll pray for you and your family.

Iiwan na ni Atty. Ardenia si Jonalyn na natulala at parang sinisi pa sa kinahinatnan ng lahat.

CUT TO:

48 INT. PROVINCIAL BUS - NIGHT, LATER. 48

Tuliro si Jonalyn habang pauwi sa kanila sa Laguna. Mararamdaman niyang pinagtitinginan siya ng ibang pasahero, halatang namukhaan siya sa social media, pero hindi na niya sila pinapansin. Masyado pa rin siyang nagulantang sa mga nangyayari sa kanya.

Magva-vibrate ang cellphone niya, batid na may natanggap siyang text message. Makikita niyang galing kay Myrna ang text message.

TEXT GRAPHICS : Na-suspend si Jasmine. Nakipag-suntukan sa kaklase.

Mapapailing na lang si Jonalyn at nagpipigil na maiyak sa inis.

CUT TO:

49 EXT. SAMUELS' HOUSE - NIGHT, LATER. 49

Matatanaw ni Jonalyn ang isang owner-type jeep sa harap ng bahay nila. Sasakyan ito ng kuya niyang si JOVIT. Magtataka siya kung bakit nandito ang kanyang nakatatandang kapatid, pero sa totoo lang ayaw na niyang malaman.

CUT TO:

50 INT. SAMUELS' HOUSE, SALA - NIGHT. 50

Mabigat ang loob na papasok ng bahay si Jonalyn, at gaya ng kanyang inaasahan ay makikita niya si Jovit na kasama sina Myrna, Jose, at Jasmine. Nakatungo ang mga ulo nina Jose, Myrna, at Jasmine na parang pare-parehong pinagalitan ni Jovit.

JOVIT
Salamat nandito ka na. Alam mo na ba ginawa
ni bunso? Tingnan mo itsura niya.

Saka lang mapapansin ni Jonalyn na namumula ang mukha ni Jasmine at may mga kalmot dito. Awang lalapitan ni Jonalyn ang kapatid.

JONALYN
Sino gumawa niyan sa ‘yo?

JOVIT
Ikaw.

Mapapatingin si Jonalyn sa sinabi ni Jovit.

JOVIT (CONT'D)
Ikaw may kasalanan niyan kasi nakipagsuntukan si bunso dahil sa pakikipagtanggol sa ‘yo.

JONALYN
(kay JASMINE)
‘Di ba pinromise mo na mananahimik ka lang?

JASMINE
Sorry, Ate.

JOVIT
Hindi mo naman masisisi si bunso e, maski nga ako napapaaway sa trabaho ko dahil sa kumakalat na pictures mo sa internet. ‘Yung mga anak ko tinatanong sa akin bakit tinatawag na pokpok Tita nila.

JONALYN
(exasperated)
Ba't ka ba nandito, Kuya?

JOVIT
Dahil gusto ng matigil ‘to. Ba't ba kasi kinasuhan mo pa ‘yung boss mo? Alam mo namang maraming pera ‘yun!

MYRNA
Ako may kasalanan, anak, ako nagkumbinse kay Jonalyn kasi nangako si Attorney na mananalo kami.

JOVIT
O anong kinatapusan? Tingnan niyo nga nangyari. Hindi na kayo natuto. Kailan pa may tumulong sa ‘tin na walang kapalit?

JONALYN
Akala ko lang kasi mabibigyan pa ko ng hustisya---

JOVIT
Jonalyn naman, ang tanda mo na naniniwala ka pang makakakuha ang mga katulad natin ng hustisya? Pera pera lang lahat dito.

JONALYN
(tired)
Kuya, puwede ba, huwag muna ngayon--

JOVIT
Ah hindi, bumiyahe ako dito galing Maynila para masigurong matigil nang kalolokohang ‘to. Kilala kita e. Hindi ka titigil sa gusto mo, hanggang may sumuway sa ‘yo. Dahil nahihiya si Papa na suwayin ka, eh ako na, bilang panganay at lalaki sa pamilyang ‘to, ako na ang nagsasabing tama na! Dahil nadadamay na kami diyan sa pinaglalaban mo.

Inis na lalayo si Jonalyn kay Jovit, nagpipigil siyang maiyak at ayaw ipakita sa nakatatanda niyang kapatid.

Makakaramdam ng awa si Jovit at panandaliang kakalma. Lalapitan niya si Jonalyn.

JOVIT (CONT’D)
Alam kong malaki atraso sa ‘yo ng demonyong ‘yun, at sa totoo lang kung wala akong asawa’t anak e ako na mismo pumatay sa gagong ‘yun. Pero nanalo ka na e. Sinusunog na sa impyerno ‘yung kaluluwa ng hayop na ‘yun.

Hindi iimik si Jonalyn.

JOSE
Tama Kuya niyo. Hindi dapat tayo naniwala sa pangako ng abogadong ‘yun. Matuto na lang tayo sa pagkakamali natin at ipagpasa-Diyos na lang natin ang lahat ng ‘to.

Tatango si Jovit. Lalapit si Myrna kay Jovit at yayakapin ang kanyang anak.

MYRNA
Pasensya ka na, anak.

JOVIT
Okay na, Ma.

Aaluin ni Jovit ang kanyang inang nakayakap. Lalapit si Jose kay Jovit at yayakapin din ang kanyang unico hijo. Habang nakaupo sa may likuran nila si Jasmine na nasa may sofa, nakatungo’t ayaw pakita na umiiyak.

Tinitingnan lang ni Jonalyn ang ginagawa ng kanyang mga magulang at hindi maintindihan ang kanyang nakikita.

CYNTHIA (V.O.)
Hail Mary full of grace the Lord is with You.
Blessed are you among women, and blessed is
the fruit of your womb Jesus

CUT TO:

51 INT. GUZMANS' RESIDENCE, LIVING ROOM - NIGHT. 51

Nasa may harap ng altar si Cynthia, nagdadasal ng rosaryo.

CYNTHIA
Holy Mary Mother of God, pray for us sinners...

Makikita natin ang apoy mula sa kandila at sa likuran nito ang letrato ni Eduardo.

CYNTHIA (CONT’D)
...now and at the hour of our death. Amen.

Magsisimula nang mangatal ang boses ni Cynthia, nilalabanan ang sarili na hindi maiyak.

CYNTHIA (CONT’D)
Oh my Jesus,forgive us our sins, save us from
the fires of hell (maiiyak), lead all souls to
Heaven, especially those who are in MOST
NEED of your Mercy.

Makikita natin ang apoy sa kandila habang humahagulgol si Cynthia, kinakain ng konsensya sa kanyang ginawa.

DISSOLVE TO:

52 INT. GUZMANS' RESIDENCE - DAY, WEEKS LATER. 52

Ito ang ika-40th ni Eduardo. May munting handaan kung saan may mangilan-ngilang mga bisita, mga kaibigan at pamilya. Masaya si Cynthia na kalaro ang kanyang tatlong apo.

Lalapit sina Luke at Matthew sa kanilang ina. Agad namang kukunin ni BEA, ang asawa ni Luke, ang kanilang anak na si Gavin.

BEA
(to CYNTHIA)
Excuse me lang po, Ma.

Hahabol ng halik si Cynthia kay Gavin bago siya kunin ni Bea.

Titingin naman si Matthew sa kanyang asawa na si LESLIE.

MATTHEW
Leslie.

Isang titig lang ni Matthew ay agad ng lalapit si Leslie sa mga anak nila.

LESLIE
Let’s leave Papa and Tito with Lola muna.

Hahatakin ni Leslie ang mga bata para ma-solo nina Luke at Matthew ang kanilang ina.

MATTHEW
Nagparamdam na ba sa ‘yo si Papa?

May bittwersweet smile si Cynthia habang umiiling.

MATTHEW (CONT’D)
Sa ‘kin din e.

LUKE
Masyado ka kasi busy, Kuya.

CYNTHIA
How’s the company na ba?

LUKE
It’s getting better, Ma, the sales are going back to normal and the valuation is high again.

MATTHEW
Tumigil na ‘yung call for boycott, because the public is now remembering the true legacy of dad.

LUKE
And that’s all thanks to you, Ma.

Lubos na ikagagalak ni Cynthia ang mga sinabi ng mga anak at hahawakan ang mga kamay nila.

CYNTHIA
(kina MATTHEW at LUKE)
I love you.

MATTHEW
Love you, too.

LUKE
Love you, Ma.

Hahalikan ni Cytnhia ang kanyang mga anak, kitang-kita na proud siya sa kanila.

CUT TO:

53 INT. SAMUELS' HOUSE, DINING - NIGHT, SEVERAL NIGHTS LATER. 53

Tahimik na kumakaiin ng hapunan sina Jonalyn, Jose, Jasmine, at Myrna.

JONALYN
Kailan na nga pala 'yung entrance test mo?
Mga ganitong panahon 'yun 'di ba?

JASMINE
Hindi na ko nagpasa, Ate.

Magugulat si Jonalyn.

JONALYN
Bakit?

JASMINE
In-offeran kasi ako ni Aling Baby na mag-waiter sa restaurant niya. Sayang kita kaya tinanggap ko na.

JONALYN
Pero puwede ka pa rin naman magtrabaho do'n habang hinihintay mo resulta ng exams.

JASMINE
Okay na ko dito, Ate.

JONALYN
Pero 'di ba dre---

JOSE
Hayaan mo na siya, Jonalyn. Malaki na si Jasmine, alam na niya gusto niya.

Hindi makatingin si Jasmine kay Jonalyn dahil nahihiya siya. Naba-bother naman si Jonalyn sa naging desisyon ni Jasmine.

CUT TO:

54 INT. SAMUELS' HOUSE, JONALYN'S ROOM - NIGHT, LATER. 54

Nago-organize ng schedule si Jonalyn para sa mga kliyente pero bigla siyang mapapahinto at mapapaisip sa pagbabago ng isip ni Jasmine.

CUT TO:

55 INT. SAMUELS' HOUSE, OUTSIDE JASMINE’S ROOM - NIGHT, LATER. 55

Lalabas si Jonalyn sa kuwarto niya at kakatok sa pinto ni Jasmine.

JONALYN
Jasmine? Gising ka pa?

Maghihintay ng sagot si Jonalyn. Wala. Malungkot siyang babalik sa kanyang kuwarto.

CUT TO:

56 EXT. FIELD - NIGHT (NEAR DAWN). 56

Naninigarilyo si Jonalyn habang tinitingnan niya ang Facebook profile ni Jasmine. May isang letrato dito ni Jonalyn na may caption na “MY ATE. MY HERO.” Mapapangiti si Jonalyn.

Magsko-scroll pa siya sa kanyang feed at makikita niya mula sa isang page ng News Agency ang thumbnail ng video na may naka-post na : “CYNTHIA GUZMAN: I WILL ALWAYS SUPPORT MY HUSBAND.” Iki-click ni Jonalyn ang thumbnail na magli-lead sa pag-play ng video.

Makikita sa video ang munting salo-salo na naganap sa bahay ng mga Guzman noong ika-40th ni Eduardo.

MAN (V.O.)
A small gathering of friends and family of businessman Eduardo Guzman was held in their residence to commemorate the 40th day of passing of the founder of the country’s milk magnate.
(MORE)

MAN (V.O.) (CONT'D)
In the intimate gathering, Mr. Guzman's widow openly talked about the recent sexual harassment issue of a former employee of their company.

CYNTHIA (ON VIDEO)
I know my husband, and he has always been respectful to his employees especially to women. Dalawa ang babaing apo namin, what kind of a man would he have been kung ginawa niya ang mga bagay na inakusa sa kanya. The narrative that was made against my husband is both malicious and uncalled for.

MAN (V.O.)
The grieving widow further emphasized the future of their company sans her husband.

CYNTHIA (ON VIDEO)
My sons have asked me to be part of the board but I politely declined. I am more than confident that Mother's Pride will be in good hands with Matthew and Luke's management. I will simply be here to guide and advise them when needed. But most of all protect them and continue their beloved father's dream for generations of Filipino children growing up with Mother's Pride milk.

Ipo-pause ni Jonalyn and video kung saan magfi-freeze ang nakangiting si Cynthia. Sa mga ngiting ito mamumuo ang lubos na galit at poot ni Jonalyn na tinago niya nang matagal. Sa sobrang galit ay maiiyak siya.

Frustration, anger, disappointment, all of these emotions come rushing in with that single smile on video. Gigil na gigil siya na halos nagsusumigaw na siya sa kanyang loob pero luha ang bubuhos sa kanyang mga mata.

CUT TO:

57 INT. PUBLIC ATTORNEY'S OFFICE (METRO MANILA) - NEXT DAY. 57

Kaharap ni Jonalyn ang isang batang abogado, siya si ATTY. SANTILLAN.

ATTY. SANTILLAN
Pamilyar po ako sa kaso niyo Ms. Samuel, and yes, puwede niyong kasuhan ng wrongful termination ang management ng Mother's Pride Milk. Pero tama si Atty. Ardenia na mas lalakas ang kaso niyo kung may iba pa kayong mapapayag na testigo.

JONALYN
Gagawan ko ng paraan 'yun. Ang gusto ko lang malaman e kung matutulungan niyo ko.

ATTY. SANTILLAN
Trabaho ko pong tulungan kayo. Pero...(purses his lips) gusto ko rin malaman niyo na malaki ang tsansa na gumawa ng delaying tactics ang legal team ng Mother's Pride.

JONALYN
Ano ibig sabihin no'n?

ATTY. SANTILLAN
Hinahanda ko lang po kayo sa mahaba-habang labanan.

Tatango si Jonalyn.

JONALYN
Babalikan kita Attorney do'n sa ibang mga biktima.

CUT TO:

58 EXT. SAMUELS' HOUSE - NIGHT. 58

Nasa cellphone si Jonalyn nagtatawag ng mga dating empleyado ng Mother's Pride na sinisante dahil balak mag-file ng kaso.

JONALYN
Hello, si Belinda Magbanua po ba 'to?

Hinhintay ang sagot.

JONALYN (CONT'D)
Hi. Si Jonalyn Samuel 'to, hindi mo ko kilala pero dati rin akong empleyado ng Mother's Pride Milk na-(bababaan siya) Hello?

Mapapabuntong-hininga na lang si Jonalyn, pero hindi siya susuko at tatawag pa ng isa pang number.

Lalabas si Jasmine at makikita si Jonalyn na pagod pero pursigido pa rin.

JONALYN (CONT'D)
Hello? Si Teresa Muñoz po ba ito?

Hihintay ang sagot.

JONALYN (CONT'D)
Hi, Teresa si Jonalyn 'to. Nabalitaan ko na tinanggal ka sa Mother's Pride Milk dahil binalak mong mag-file ng sexual harassment case laban sa manangement. PLEASE huwag mo ibababa phone mo, hindi mo kailangan sumagot sa 'kin, pakinggan mo muna ko sandali. Bigyan mo lang ako ng chance na sabihin kung bakit ko ginagawa 'to. Sigurado akong nabalitaan mo ng isa rin akong biktima ng sexual harassment sa kumpanyang 'yan, pero nanahimik ako dahil natakot ako sa kanila. Malakas silang kalaban. No'ng sinubukan kong labanan uli sila, nadehado pa rin ako, na-bash pa ko sa internet. Kung iisipin mo dahil sa nangyari dapat natuto na ko. Manahimik na lang ako at mag-move on kasi patay na si Boss. Pinagbabayaran na niya ginawa niya sa 'kin. Pero hindi pa rin ako okay e. Kasi kahit wala na si Boss, meron pa ring mga tao do'n na itutuloy lang ang pambabastos sa mga katulad natin. At hanggang alam kong gano'n pa rin ang pamamalakad nila eh hindi pa rin ako magiging okay. Panalo pa rin sila kasi, hinayaan ko lang sila e.

Mapapahanga si Jasmine sa nadidinig niya kay Jonalyn.

JONALYN (CONT'D)
Kaso kahit gusto ko pa lumaban, hindi ko 'to kakayanin mag-isa lang. Kailangan ko na ng mga biktimang katulad ko rin. Hindi ko mapa-promise na yayaman ka dito, pero ang masisisguro ko lang sa 'yo e hindi kita iiwanan, kahit ga'no pa katagal umabot 'to. Kaya sana tulungan mo ko.

Maghihintay si Jonalyn ng sagot.

CUT TO:

59 EXT. DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT (METRO MANILA) - DAY, MONTHS LATER. 59

Nakasemi-formal na pananamit si Jonalyn, hawak-hawak ang phone niya't mukhang kabadong naghihintay.

Habang patingin-tingin sa paligid ay makikita niya ang isang pamilyar na sasakyan. Lalabas mula dito si Atty. Ardenia kasama ang dalawang law associate niya at isang babaing naka-puting blouse, khaki pants, at may suot na crucifix; carbon copy niya noon. May isang sasalubong na ABOGADO kay Atty. Ardenia na babatiin siya.

ABOGADO
Good morning, Madam Senator.

ATTY. ARDENIA
(flattered)
Tumigil ka nga diyan.

ABOGADO
Lumabas na pangalan mo sa survey so papunta ka na do'n.

ATTY. ARDENIA
Wala 'yun sa isip ko, I'm here for my client, Ms. Calambro.

Mapapatingin si Atty. Ardenia sa direksyon ni Jonalyn at magkakatinginan sila.

Ngingiti si Jonalyn sa kanya. Atty. Ardenia politely smiles back and walks towards the building with her new client and her team.

JASMINE (O.S.)
Ate.

Mapapalingon si Jonalyn at makikita si Jasmine na kasama ang tatlo pang babae na nakabihis din katulad niya. Mapapangiti at makakahinga nang maluwag si Jonalyn.

JONALYN
Salamat, ha.

Tatango ang mga kasama ni Jasmine at maglakakad sila papasok sa building.

CUT TO:

60 INT. DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT, HALLWAY - DAY. 60

Nagmamadaling lalapit si Jonalyn kay Atty. Santillan.

JONALYN
Attorney, andito na po sila.

ATTY. SANTILLAN
Relax, maaga pa naman tayo.

JONALYN
Sorry po, kabado lang. Siya nga pala...(points to the other women) si Teresa Muñoz, Michelle Garcia, at Angela Reyes.

Isa-isa silang kakamayan ni Atty. Santillan.

ATTY. SANTILLAN
Maraming salamat sa pagpunta, ma'am. Huwag po kayong kabahan, ako po naman ang magsasalita ngayon. Okay?

Tatango ang lahat. Habang naglalakad mapapahinto si Jonalyn dahil makikita niyang paparating din sina Cynthia kasama ang buong pamilya niya, sina Matthew, Luke, Leslie, at Bea.

Mapapansin ni Jonalyn na pare-pareho ang kanilang kasuotan na puting polo na may khaki pants, at crucifix. Nasa kanang kamay rin ni Cynthia ang kanyang trademark na rosaryo.

Sa pagkakataong ito hindi na iiwas ng tingin si Jonalyn, at taas noong titingnan si Cynthia. Hihinga siya nang malalim at mage-exhale, handa na sa mahaba-habang laban.

WAKAS

CUT TO: FULL CLOSING CREDITS

**FADE OUT:**